PAHAYAG ng KANYANG PAGDATING

BANAL NA KASULATAN

BILANG #81 | Ang batong panulukan ay si Kristo Jesus...kayo'y naging bahagi ng tahanan ng Diyos..." - Efeso 2:20,22

Itinatayo Ni Cristo Ang Kanyang Iglesya

ni Ted Rendall

"...at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesya at hindi makapananaig sa kanya kahit ang kapangyarihan ng kamatayan." (Mateo 16:18)

Dalawang paraan matitingnan ang pagmimisyon sa ngayon. Una ay ang bahaging pantao, at pamilyar tayo dito—ang pangangailangan para sa mga misyonero, ang hirap ng pagpapaliwanag ng Ebanghelyo sa ibang kultura, ang problema ng mga nakapinid na pinto, atbp. Ito ang pantaong bahagi ng pagtatanim ng iglesya. Ngunit may isa pa, ang ikalawang panig—ang bahagi ng sa Diyos. Nagbigay ng propesiya si Jesu-Kristo tungkol sa pagtatatag ng Kanyang Iglesya sa Mateo 16:18.

Mahalagang harapin natin ang mga aspetong ito ng pagmimisyon. Dapat natin itong laging pakaisipin. Kung titingin tayo sa pantaong panig—ang hirap nito, ang *mga saradong pinto, ang milyun-milyong* hindi pa naaabot para kay Kristo—maaaring manlumo tayo at mawalan ng lakas ng loob at sabihing hindi kayang gawin ang gustong ipagawa ng Diyos. Kung paminsan-minsan ay pipilitin nating huwag magpokus sa aspetong pantao, lalakas ang ating loob at matapang na maipagpapatuloy ang atas na ibinigay sa atin.

Dapat din nating tandaan na ang aspetong pang-Diyos ay hindi laban sa aspetong pantao. Ang Gawa ng mga Apostol ay malinaw na ilustrasyon ng dalawang aspeto, ang pantao at ang pang-Diyos, kapwa nagtutugma. Sa Unang Iglesya, ang piniling mga alagad ng Panginoon ay kumilos bilang ulo at katawan upang tupdin ang Dakilang Atas para sa Iglesya. Minsang tinanong si Charles S. Spurgeon kung paano pagtatagpuin ang maka-Diyos na kapangyarihan at ang pantaong responsibilidad, at ang tugon ng mangangaral mula sa London ay, "Hindi kinakailangang pagtagpuin dahil hindi pa sila nagkakawalay."

Iyan dapat ang maging saloobin kung titingnan natin ang dalawang panig ng pagmimisyon ng Iglesya. Ang mga salita ni Jesus sa Mateo 16:18 ay tutulong sa atin upang unawain ang pagmimisyon ayon sa Diyos. Binanggit ni Jesus ang tungkol sa isang tagapagtayo, ang isang gusali, at isang labanan. Dapat nating pakaisipin ang bawat isa sa tamang lawak na nais nating makita ayon sa paningin ni Jesus.

Ang Tagapagtayo ng Gusali

"Itatayo ko ang aking iglesya." Para sa marami sa atin ang talatang ito ay napakapamilyar kung kaya't ang kagyat na impresyon na dapat makintal sa isipan ng mga disipulo habang nakikinig sila kay Jesus ay halos napawalang-saysay. Nababasa natin ang mga talata o naririnig itong binabasa, at tumatango tayo sa pagsang-ayon, at nilulutas na natin sa ating mga sarili ang mga misteryo ng turo ni Jesus. Mainam na unawain natin ito na para bang sa unang pagkakataon pa lang binabasa ang talata. At kapag ginawa natin ito, tatlong pangunahing bagay patungkol sa Tagapagtayo ang ating malilinawan.

Ang Tagapagtayo

Una sa lahat, tatanungin natin ang tungkol sa Tagapagtayo. Sino itong nagpahayag na, "*Itatayo ko ang aking iglesya*"? Malinaw na inisip ni Jesus na ito ay mahalaga sapagkat, tulad ng nakatala sa talata, tinanong din Niya ang isyung ito. Narito ang salaysay ni Mateo:

"Nang dumating si Jesus sa lupain ng Cesarea ng Filipo, tinanong niya ang kanyang mga alagad, 'Sino raw ang Anak ng Tao, ayon sa mga tao?' At sumagot sila, 'Ang sabi po ng ilan ay si Juan Bautista kayo. Sabi naman ng iba, si Elias kayo. At may nagsasabi pang si Jeremias kayo o isa sa mga propeta.' 'Kayo naman, ano ang sabi ninyo? Sino ako?' tanong niya sa kanila. Sumagot si Simon Pedro, 'Kayo po ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay.'" ***(Mateo 16:13-16)***.

Pansinin na ang diskusyon patungkol sa kung sino si Jesus ay nagsisimula sa pangkalahatan at nagtatapos sa personal: *"Sino raw ang Anak ng Tao, ayon sa mga tao" "mga tao... kayo naman..."* Hindi kailanman nakuntento sa popular na opinyon ng mga tao si Kristo! Gusto Niya ng isang personal, pang indibiduwal na sagot sa tanong. Ang totoo, wala nang iba pang mas mahalagang tanong sa sansinukob kaysa dito: Sino si Jesus? Sino ang Siyang malakas ang loob na nagpahayag na, *"Itatayo ko ang aking Iglesya."*

Napagpasiyahan mo na ba ang bagay na ito sa iyong sarili? Sinagot mo na ba si Jesus? Mula ba sa kailaliman ng puso mo gaya ni Pedro na naliwanagan mula sa langit ang iyong sagot na, *"Kayo po ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay."*

Pag-isipan mo ito. Si Jesus na taga-Nazareth, ang maliit na bayan na walang halaga sa sinaunang daigdig, at Siya na tinuring na anak ng karpintero, ay nagpahayag, *"Itatayo ko ang aking Iglesya."* Kung hindi Siya talaga ang Anak ng Diyos, ang inaangkin Niya dito ay walang saysay, isang pagkukunwari ng isang relihiyosong panatiko. Inamin Niya minsan na Siya ang Anak ng Buhay na Diyos, kung gayon ang sinasabi Niya rito ay tugma at kapani-paniwala.

Ang Awtoridad ng Tagapagtayo

Ang ikalawang isyu na tinalakay sa prediksyon, *"Itatayo ko ang aking iglesya,"* ay ang awtoridad ng Tagapagtayo. Sa totoo, dalawa ang inilahad ni Jesus sa talatang ito: *"Itatayo ko...ibibigay ko... ang susi ng kaharian ng langit."* Ang dalawang gawain ay parehong may kalakip na malaking awtoridad. Sa parehong kaso ay naniniwala tayo na si Jesus ay tumitingin sa hinaharap, sa panahon pagkatapos ng Kanyang kamatayan at pagbangong muli. Di ba't natapos ang Kanyang pagkabuhay na muli nang ipahayag Niya sa Kanyang mga alagad, *"Lahat ng kapangyarihan ay ibinigay na sa Akin"*? *(Mat. 28:18)*. Kalakip ng awtoridad na iyon ay ang awtoridad na itayo ang Kanyang Iglesya at palakasin ang mga apostol sa pamamagitan ng mga susi ng kalangitan.

Natutukso ka bang isiping, "Magagawa ba ni Jesus ang gawain? Mayroon ba Siyang awtoridad para gawin iyon?" Kung gayon, unawain ang sinasabi Niya dito—ang kinabukasan ay hindi dapat pagdudahan kahit isang saglit.

Ang Propesiya ng Tagapagtayo

Ang ikatlong bagay na tinalakay ni Jesus sa Kanyang mga salita, "*Itatayo ko ang aking Iglesya, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kanya."* ay ang katotohanan ng propesiya ng Tagapagtayo. Sandali mong ilagay ang iyong sarili sa sitwasyon ng mga disipulo habang silay ay nakikinig kay Jesus. Una, mula sa mga labi ni Jesus nagmula ang propesiya patungkol sa Kanyang Iglesya: *"Itatayo ko..."* Pagkarinig ng positibong pahayag, iniisip na ng mga alagad na wala silang katalu-talo. Pero hintay. Mababasa natin sa Mateo 16:21, *"Mula noon ay ipinaalam na ni Jesus sa kanyang mga alagad na dapat siyang magtungo sa Jerusalem at magbata ng maraming hirap sa kamay ng matatanda o pinuno ng bayan, ng mga punong saserdote at ng mga eskriba, at kanilang ipapapatay siya. Ngunit sa ikatlong araw Siya'y muling mabubuhay."* Ito ay isang propesiya patungkol sa Kanyang Krus.

Natatawa ka ba sa pagkalito ng mga alagad? Sa isang saglit si Jesus ay humula ng pagtatayo ng Kanyang Iglesya; ang susunod, ang katiyakan ng Kanyang Krus. Una, inilalarawan Niya ang pagtatayo ng Kanyang Iglesya; pagkatapos, ang Kanyang kamatayan sa Krus. Sa isang saglit sinasabi Niya ang tagumpay; susunod, ang kamatayan at trahedya.

Ibinigay ito sa atin upang maintindihan natin ang sekwensya o pagkakasunud-sunod at halaga ng propesiya ni Jesus. Alam natin na ang Krus ang unang dumating, at pagkatapos ay ang Iglesya. Pero napakahirap para sa mga alagad na umaasa sa isang Mesiyas na tanggapin ang sinasabi Niya dito para sa kanila.

Sa pagkakilala sa Tagapagtayo, dapat nating maintindihan na Siya ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos; sa Kanya ibinigay ang awtoridad upang itatag ang Kanyang Iglesya; at sa pagtungo Niya sa Krus, Siya ay pinalakas ng pangitain ng Iglesia na matutupad sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan. May mas malaking programang nakaatang sa Anak ng karpintero kaysa sa sinumang kontratista.

Ang Gusali

Nakilala na natin ang Tagapagtayo; kailangan naman natin ngayong tingnan ang gusali na tinutukoy Niya, *"Itatayo ko ang aking Iglesya."* Una, ano at sino ang pundasyon ng gusaling ito? Ganito ang pananalita ni Kristo kay Pedro: *"Ikaw ay si Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesya:" (t. 18)* Saan at sino ang tinutukoy ni Kristo nang kanyang sabihin: *"Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesya."*

May simpleng prinsipyo ng interpretasyon ang Bibliya na makakatulong sa atin dito. Sa pag-aaral ng mahihirap na talata ng Kasulatan dapat nating hayaang ang mismong Kasulatan ang siyang magbigay-kahulugan sa Kasulatan. Ibig sabihin, dapat nating hayaan ang isa pang talatang malinaw na tinutukoy ang pundasyon na siyang maging batayan sa pagpapaliwanag ng Mateo 16:18.

Heto ngayon ang 1 Corinto 3:9-11: *"Kami'y parehong manggagawa ng Diyos, at kayo ang bukirin niya. Kayo rin ang gusali ng Diyos. Ayon sa kaloob ng Diyos sa akin, ako ang naglagay ng pundasyon, bilang mahusay na tagapagtayo. Iba naman ang nagpapatuloy ng pagtatayo ng gusali. Ngunit magiging maingat ang bawat nagtatayo, sapagkat wala nang ibang pundasyon na maaaring ilagay liban sa nailagay na, si Jesu-Cristo."*

Sa mga salitang ito ni Pablo ay malinaw na natatag ang katotohanan na ang pundasyon ng Iglesya ay si Jesu-Kristo. Anuman ang interpretasyong ibibigay natin sa mga salita ni Jesus sa Mateo 16:18, hindi natin maaaring isiping si Pedro ang pundasyon ng Iglesya. Si Pedro mismo ay kinilala si Jesus bilang Siyang pundasyon (tingnan ang 1 Pedro 2:4-7).

Ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad, samakatuwid, ay ganito: "Itatatag ko ang Aking Iglesya, at ito mismo ay itatayo ko, ako na Anak ng Buhay na Diyos, bilang nag-iisang pundasyon.

Pero saan yari ang gusali? *"Itatayo Ko ang Aking Iglesya."* Anu-ano ang mga materyales ng gusaling ito? Sinasagot ni Apostol Pedro, na unang pinagbigyan ng mga salita ni Kristo, ang tanong para sa atin. Sa kanyang sulat sa mga Kristiyano ay sinabi ni Pedro, *"Wari'y mga batong buhay, maging sangkap kayo ng isang templong espirituwal." (1 Pedro 2:5)*. Itinatag ni Kristo ang Kanyang Iglesya dito sa lupa, at ginagamit Niya ang mga tao bilang mga buhay na bato upang itayo ang Kanyang iglesya. Mula sa iba't ibang panig

(sundan sa pahina 3)

Pananalanging May Pakumbabang Pagtugon Sa Salita Ng Panginoon

ni Dave Butts

Noong Gulf War, ang anak ni Betty Jo Conner ay napadestino sa isang mapanganib na lugar. Ibinihagi ni Betty Jo na taga Dallas, Texas at ng kanyang asawa na kapwa nagsisilbi sa Called to Serve ang magandang kuwentong ito ng kapangyarihan ng Salita ng Diyos kung saan buong tapat na tinugon ng anak nila ang patnubay ng Diyos sa kanya.

"Noong Gulf War ang anak naming si Sean ay nakadestino sa isang lugar kung saan ang tanghali ay madilim gaya ng gabi dahil sa mga balon ng langis na sinusunog. Napakakapal ng usok na literal nitong natatakpan ang araw. Ganoon lagi ang kinalalagyan niya (hindi ko alam kung nasaan siya ngayon); inakay ako ng Diyos na manalangin nang walang patid at may malaking pagtitiwala sa Salmo 91. Ang talatang 4 ay napakalakas ang dating sa tuwing maaalala ko si Sean. Para bang literal kong nakikita ang isang higanteng pakpak na nakaladlad, kinakanlungan siya, nilulukuban siya. Nang panahong iyon, ang mga isyung pangmedikal tungkol sa Gulf War Syndrome dahil sa mga bakuna at gas mask, atbp. ay maliwanag sa lahat, pero alam ng Diyos at itinataboy Niya ang "salot" (t. 3, 6) mula sa aming anak araw at gabi. Hanggang sa araw na ito, si Sean pati ng kanyang tatlong anak ay hindi nahirapan sa alinmang pisikal na problema gaya ng mga nararanasan ng mga beterano at ng mga anak nila.

"Noong gabing iyon bago sumiklab ang labanan sa lupa, si Sean ay nakasakay sa isang sasakyang Bradley patawid sa disyerto ng Iraq. Nagbabagsakan ang mga bomba sa paligid niya (hindi ko mapakinggan ang "The Star-Spangled Banner" na gaya ng dati mula nang marinig ko sa kanya ang larawan ng ganoong sandali ng kanyang buhay), at nakatawid sila upang maging bahagi ng malawakang pagsalakay mula sa hilaga, isang biglaang taktika. Walang panganib ang lumapit sa kanya (t. 10) nang mga sandaling iyon: bomba, pagsunog ng mga balon ng langis, bakuna at gas mask. Purihin ang Diyos! Naaalala ko pa ang pakikipagniig na iyon sa Panginoon at ang kapangyarihan ng Salita Niya. Kayang magligtas ng aking Diyos!"

Si Betty Jo ay may kaaliwan at kapangyarihan ng Salita ng Diyos upang ipanalangin ang kanyang anak mula sa kapahamakan. Isipin na lamang ninyo kung wala tayong alam na Bibliya na makakanlungan sa sandali ng pangamba o krisis? Naranasan ng bansang Judah ang ganitong bagay nang mawala ang Aklat ng Kautusan nang mahabang panahon dahil sa kapabayaan. Nang lumitaw ito noong pamamahala ni Haring Josiah, agad na nagpakumbaba ang lalaking ito sa harapan ng Panginoon at muling itinatatag ang awtoridad ng Salita ng Diyos sa buhay ng bansa.

Ang Paghahari ng Mabuting Haring Josias

Si Josiah ang pinakahuli sa mabubuting hari ng Judah. Ang kanyang ama, si Haring Amon, anak ni Manasseh, ay masamang hari na napatay ng sarili niyang mga opisyales. Sa murang edad na walong taon si Josias ay naging hari. Ang paghahari niya ay kinakitaan ng pagbabalik ng pagiging maka-Diyos at pagbabalik ng awtoridad ng Salita ng Diyos at ng dakilang selebrasyon ng Paskua.

Tulad ng nuno niyang si David, pawang kalugud-lugod kay Yahweh ang kanyang ginawa. Namuhay siya nang matuwid." (2 Cronica 34:2)

Sa walong taon niyang paghahari, si Josias ay nagkaroon ng karanasang nagpabago ng kanyang buhay. Ayon sa Salita, nang siya ay labing-anim na taong gulang. *"Nang ikawalong taon ng kanyang pamamahala, bagamat bata pa, ay naglingkod na siya nang tapat sa Diyos ni David na kanyang ninuno. Kaya noong ikalabindalawang taon, sinimulan niyang alisin sa Juda at Jerusalem ang mga dambana sa burol, ang mga larawan ng diyosa Ashera at ang lahat ng diyus-diyosang kahoy o tanso." (2 Cronica 34:3)* Inilapit ng batam-batang haring ito ang kanyang puso sa Diyos, at sa buong buhay niya ay sinunod niya ang Panginoon nang kanyang buong puso, at dinala ang buong bansa sa kanyang paglalakbay. Sa edad na dalawampu sinimulan niyang tanggalin ang pagsamba sa diyus-diyosan na lumaganap sa ilalim ng pamamahala ng kanyang ama, si Haring Amon. Personal niyang nilibot ang buong bansa at tiniyak na winasak ang mga diyus-diyosan at mga paganong dambana.

Sa ikalabingwalong taon niya bilang hari ay binigyan niya ng pansin ang pagpapagawa ng wasak na templo na napabayaan. May kamangha-manghang natuklasan ang mga manggagawa sa templo. Ang Aklat ng Kasulatan na ibinigay kay Moises ay natagpuan sa templo na mukhang doon naiwanang hindi nagagamit at binalewala nang maraming taon.

Banal na lungkot ang naging reakyon ni Josiah sa pagkakasumpong ng Aklat ng Kautusan, winarak ang kanyang damit at nanangis sa harapan ng Diyos. Bagaman hindi naisulat ang panalangin niya para mabasa natin, pero may patunay na nanalangin siya. Ganito ang sinabi ni propetesa Huldah kay Josiah:

"Oo, nagpakumbaba ka at winahak mo ang iyong kasuotan. Nakita kong tmangis ka kaya dininig ko ang iyong dalangin." (2 Cronica 34:27).

Nararapat na ganito ang maging tugon ng ating puso sa harap ng Diyos kapag nasumpungan natin na ang Salita ng Diyos ay napapabayaan sa ating buhay. Gaano man ang pagsulong natin patungkol sa kaharian ng Diyos ay may napapabayaan sa ating buhay. Gaano man ang pagsulong natin patungkol sa kaharian ng Diyos, laging may mga pagkakataon na dumarating sa atin ang Salita ng Diyos, inuusig ang ating kapabayaan sa ilang mga bagay. Ang mapakumbabang tugon ni Josias ay mag-aakay sa atin upang manumbalik tayo sa Diyos upang tayo ay magkaroon ng lakas na gawin ang ipinagagawa Niya sa atin.

Ang tugon ni Josias ay hindi lang basta pagkalungkot. Kumilos siya sa kanyang pagsisisi sa pamamagitan ng pagtawag sa buong Juda; habang siya ang hari, ay binabasa ang Aklat ng Tipan sa kanila. Pagkabasa ng Kautusan, sabi ng 2 Cronica 34:31, *"Noon di'y ipinangako ng hari sa harapan ni Yahweh na susundin nila nang buong-puso ang Kautusan at ang lahat ng tuntunin dito."* Pagkatapos, tinawag niya ang buong Juda upang manumpa sa kanilang mga sarili na gawin ang mga utos ng Diyos gaya ng nakatala sa Aklat.

Isagawa natin ang mga aral ni Josias sa ating sariling kapanahunan. Naisip mo na ba kung paano mamuhay sa isang lugar kung saan ang Biblia ay nawala? Ano ang mararamdaman mo para sa mga bansa at mga lahi ngayon na walang mabasang Salita ng Diyos? Maging sa mga tahanan, paano na ang Biblia na hindi nabubuksan...napapabayaan ng mga taong mayroon naman nito..pero walang espirituwal na pagnanais na alamin ang salita ng Diyos?

Siyempre, hindi lang ito basta pagbasa sa Salita ng Diyos...lagi itong nangangahulugan ng pagsunod sa Salita. May naaalala ka bang sandali kung kailan nangusap sa iyo ang Biblia? Paano ka tumugon? Nawa ay maging tulad tayo ni Josias at ng kanyang ninunong si David, na sila kapag naantig ang puso sa Salita ng Diyos ay nagsipagsisi at nagpasimulang mamuhay sa paraang nakapagpaparangal sa Panginoon at nagpapasulong ng Kanyang kaharian.

Hango sa *Pray Like the King: Lessons from the Prayers of Israel's Kings* ni Dave at Kim Buts. PrayerShop Publishing, Terre Haute, IN c 2007 (www.prayershop.org).

Mensahe Mula sa Tagapaglathala

Hinahabi ng Diyos ang Istorya ng Buhay Mo

ni Rich Carmichael

Babasahing Aklat: Aklat ni Ruth

Isang dahilan kung bakit nakakasumpong tayo ng lakas ng loob sa pagbabasa natin ng kuwento sa Biblia gaya ng kay Ruth, ay dahil ang Diyos na kumilos sa istoryang iyon ay Siya ring Diyos na gumagawa ngayon sa istorya mo at sa istorya ko (lahat ay bahagi ng Istorya Niya!). Ang Istorya ni Ruth ay isang paalaala kung gaano Siya kadakila na Diyos at kung gaano Siya kasabik na gumawa sa ating mga buhay (gaano man kabigat) upang matupad ang Kanyang maluwalhating mga layunin. Tingnan na lang halimbawa, ang mga sumusunod na mga katotohanan tungkol sa Diyos na nakapaloob sa istorya ni Ruth:

Kayang-kaya ng Panginoon na iahon tayo sa kahirapan. Sina Ruth at Naomi ay nagdaan sa napakahirap na sitwasyon. Si Naomi, halimbawa, ay nawalan ng asawa at dalawang anak na lalaki, at naiwang mag-isa sa ibang lupain ng Moab. Akala niya'y mawawala rin ang dalawa niyang manugang na babae dahil wala na siyang natitirang anak na lalaki na magpapakasal sa mga manugang. Pero si Ruth ay nagpasiyang bumalik sa Juda kasama si Naomi anuman ang mangyari.

Isipin na lang kung ano ang kahulugan nito kay Ruth. Hindi lang siya nawalan ng asawa, ngunit sa pangangakong magbabalik kasama ni Naomi, waring hindi na rin siya makakapag-asawa pang muli, at kung magkaganoon ay hindi na magkakaroon ng mga anak. Mangangahulugan ito ng kawalan ng probisyon at seguridad, at isang buhay na mahirap para sa kanya at kay Naomi. Ngunit ang Panginoon ay tapat na aarugain sila sa lahat ng kanilang kahirapan tungo sa napakagandang buhay na Kanyang pinagpala.

Kung ikaw ay nasa gitna ng kahirapan at kagipitan, magsaya ka sa katotohanan na ang mga istoryang may magandang wakas gaya ng istorya ni Ruth ay, malamang kung hindi man palagi, may panahon ng mabigat na kahirapan. Kahit ang mga pangyayari ay hindi maganda, ngunit mayroon silang kapangyarihang baguhin ang ating mga buhay at pag-uugali (halimbawa, tingnan ang Hebreo 12:7-11 at Santiago 1:2-3). Kapag tumingin tayo sa Panginoon, Siya ay tapat na iaahon tayo sa kahirapan at hahayaan Niya na ang mga kahirapan ay gumawa para sa ikabubuti natin.

Pinapangaralan ng Panginoon ang Katapatan. Ang istorya ni Ruth ay naglalarawan *din kung paano* nagpaparangal at tumutugon ang Panginoon sa mga tapat sa Kanya at sa Kanyang bayan. Isipin na lang ang lalim ng katapatan ni Ruth:

"Tumugon si Ruth: 'Huwag na ninyong hilinging iwan ko kayo. Hayaan na ninyong doon ako paroroon. Kung saan kayo tumira doon din ako titira. Ang inyong bayan ang magiging aking bayan. Ang inyong Diyos ang aking magiging Diyos.(1:16-17). Si Ruth ay nangungusap ng panghabambuhay na katapatan kay Naomi, sa bayan ng Diyos at sa Buhay na Diyos. Iniwan niya ang kanyang sariling pamilya at mga maling diyus-diyosan ng Moab.

Isipin din ang katapatan ni Naomi sa Panginoon. Kahit nadarama niyang ang kamay ng Diyos ay laban sa kanya (1:13,21) hindi pa rin siya nawalan ng pagtingin sa Diyos bilang kanyang Panginoon. Sa gitna ng kanyang kalungkutan, patuloy niyang kinilala ang Diyos bilang Panginoon at tinawag na *Shaddai,* at *Makapangyarihan* (1:20), ang tawag na nagbibigay-diin sa Kanyang awtoridad, paghahari at buong kapangyarihan. Kinilala ng Panginoon ang katapatan ni Ruth at sa takdang panahon ay iniangat siya sa kanyang kapaitan.

Ang makulay na pagbabago sa sitwasyon nina Ruth at Naomi ay makapangyarihang naglalarawan kung paano pinagpapala ng Diyos ang mga tapat sa Kanya. Sa paglalaan natin ng lubusan ng ating puso sa Kanya lalo na sa oras ng kahirapan, makatitiyak tayo na palagi Siyang magiging tapat bilang ating Diyos, at sa lahat ng bagay ay gagawa siya para sa kabutihan natin.

Ginagabayan tayo ng Diyos. Isang nakakatawag pansing parirala ay ginamit sa Ruth 2:3 upang ilarawan kung

(sundan sa pahina 3)

Itinatayo Ni Cristo Ang Kanyang Iglesya

(mula sa pahina 1)

ng mundo ay inilalagay ang mga tao sa banal na dakong ito. Hindi siya gumagamit ng mga anghel bilang materyales para sa Kanyang Iglesya. Pinili Niya na gamitin ang mga lalaki at babae bilang mga "batong buhay."

Mula sa talakayang ito ay lalabas ang isang napakahalagang prinsipyo. Hindi kailanman tinutukoy ng Bagong Tipan ang isang gusali kapag binabanggit ang Iglesya. Ang tinutukoy ay laging mga tao. Hindi nagsalita si Hesus ng tungkol sa gusaling yari sa bato nang Kanyang ipahayag, *"Itatayo ko ang aking Iglesya."* Ang nasa isipan Niya ay grupo ng mga taong tinubos ng Kanyang Dugo at tinatahanan ng Kanyang Espiritu.

Ang Labanan

Sa kanyang pahayag kay Pedro, sinabi ni Jesus, *"Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking Iglesia."* Nakapaloob sa mga salita ni Kristo ang Kanyang prediksyon ng isang labanan sa pagitan ni Kristo kasama ng Kanyang Iglesia at ng mga nasa "kapangyarihan ng kamatayan." Ano ang tinutukoy ng mga salitang "kapangyarihan ng kamatayan" (sa ibang salin ay "pintuan ng impiyerno").

Kapag binabasa natin ang Biblia, dapat natin laging isipin ang katotohan na hindi ito nasulat noong ika-20 siglo at hindi rin sa ating sariling kultura. Sa isang sinaunang bayan o lunsod, ang isang pinakamahalagang lugar ay ang pintuan. Ang isang pintuan ng lunsod ay kumakatawan sa dalawang bagay: *depensa at desisyon.*

Tingnan ang aspeto ng depensa. Sa Isaias 45:2, sinabi ng Diyos kay Ciro: *"Ang mga pintong tanso'y aking wawasakin; pati kandadong bakal ay aking tatanggalin."* Ibig sabihin, hahayaan Niya si Ciro, ang pinunong Medo-Persian, na salakayin ang mga depensa ng lungsod ng Babilonya. Kung kakampi niya ang Diyos, maibabagsak ni Ciro ang mga pintuan ng lunsod.

Ngunit sa panahon ng Biblya, ang "mga pintuan" ay tumutukoy din sa desisyon. Ito ay isang malawak na lugar malapit sa lunsod na pinagtitipunan ng mga opisyal ng lunsod para sa talakayan, deliberasyon, at desisyon. Sa paglalarawan ng matalinong babae sa Kawikaan 31 ay mababasa natin: *"Ang kanyang asawa'y kilala sa lipunan at nahahanay sa mga pangunahing mamamayan." (t.23)* (Sa ibang salin: *"nakaupo sa mga pintuan kasama ang mga matatanda ng bayan."* Ano ang ginagawa doon? Malinaw ang sagot: pinapamahalaan ang bayan, gumagawa ng mga desisyon na gagabay sa kinabukasan ng lunsod at ng bansa.

Kung gayon ano ang ibig sabihin ng talatang "pinto ng impiyerno?" Ang impiyerno ay Hades sa wikang Griego. Tinutukoy ba ni Jesus ang ganap na tagumpay ng Iglesya sa hinaharap? Tinitiyak ba Niya sa Kanyang bayan na muli silang babangon ng may katagumpayan sa muling pagkabuhay? Ang pintuan ng impiyerno ay hindi kayang magtagumpay laban sa Iglesya dahil hindi nito mapipigilan ang muling pagkabuhay ng lahat ng mga nakay Kristo.

O ginagamit ba ni Jesus ang mga katagang "pintuan ng impiyerno" sa isang matalinhagang paraan? Ganito ang paliwanag ni Dr. Douglas Bannerman: "Ang makapangyarihang larawang pintuan ng impiyerno ay natural na tumutukoy sa ideya ng isang malakas na kapangyarihan na nagmumula sa larangang di nakikita, ang kaharian ng kamatayan at daigdig ng mga espiritu, na pinangungunahan ng mga pinuno gaya ng pamumuno sa mga Kanluraning lunsod."

Sa ganitong paliwanag, iminumungkahi ng parirala na nakita ni Jesus ang pagdaluyong ng puwersa ni satanas na inilulunsad laban sa Kanyang Iglesya, ngunit ang palagi Niyang pangako ay: *"Itatayo ko ang aking iglesya; at ang pintuan ng impiyerno ay hindi makapananaig laban dito"*—ibig sabihin, hindi ito magagapi o madadaig. Magpaplano si satanas at ang kanyang mga kampon, ngunit hindi malulupig ang Iglesya ni Kristo.

Kapag iisipin natin ang dakilang propesiya ni Kristo at tatanungin, "Natupad na ba ito?" ang sagot ay matunog na "Oo!" Masdan mo ang buong mundo at ang Iglesya ni Kristo na matatag at lumalago sa halos bawat bansa sa daigdig. Tandaan na ginawa na ni satanas ang lahat upang ibagsak ang Iglesya, sa loob at labas, ngunit purihin ang Diyos, ang pintuan ng impiyerno ay hindi kailanman nanaig laban sa Iglesya ng Buhay na Panginoon at Darating na Hari. Humayo kayo taglay ang mahigpit na katiyakang ito sa inyong puso.

Ginamit na may pahintulot ng awtor: Dr. Rendall, propesor ng Olford Ministries International.

Hinahabi ng Diyos ang Istorya ng Buhay Mo

(mula sa pahina 2)

paano pumasok si Ruth sa taniman ni Boaz: *"Kayat si Ruth ay nagtungo sa bukid at namulot ng mga uhay, kasunod ng mga gumagapas. Ang napuntahan niya ay bukid ni Boaz."* Ibig sabihin, nangyari ito na hindi aksidente, kundi itinakda. Sa madaling salita, nangyari iyon sapagkat gumawa ang Diyos sa likod ng eksena.

Malaking katiyakan at kaaliwan na malaman na inihahanda ng Panginoon ang daan para sa atin. Sa paglalagay natin ng ating buhay sa Kanyang mga kamay gaya ng ginawa ni Ruth, makatitiyak tayo na Siya ay mananatiling tapat upang ihanda ang ating landas kahit hindi natin laging alam ang Kanyang pagkilos. Sa takdang oras, makikita natin kung paano Niya ginawang maganda ang lahat upang umayon sa bawat bahagi ng ating buhay upang matupad ang Kanyang maluwalhating layunin. Ang inaasahan sa atin ay ang magtiwala sa Kanya at lumakad sa Kanyang landas.

Ibinibigay ng Diyos ang ating mga pangangailangan. Ang Aklat ng Ruth ay naglalarawan din kung paanong ang Panginoon ay mahabagin sa mga nangangailangan. *"...pinagkakalooban ng Diyos ng mabuting ani"* ang Kanyang bayan (1:6). Siya ang nagtatag ng mga batas na tumulong sa mga mahihirap gaya ni Ruth upang makapamulot sa anihan (Lev. 23:22; Deut. 24:19). Siya ang nagbigay ng tagatubos na pinakamalapit na kamag-anak (gaya ni Boaz) upang tulungan ang mga mahihirap na kamag-anak (Lev. 25:25; 47-49). Kinakalinga ng Diyos ang mga mahihirap at ibinibigay ang kanilang mga pangangailangan. Mapagkakatiwalaan mo Siya na bibigyan ka kung aasa ka sa Kanya. Gaya ng ibinahagi ni Apostol Pablo, *"At buhat sa kayamanan Niyang hindi mauubos, ibibigay niya ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ni Cristo Jesus."* (Filipos 4:19).

Binabalutan tayo ng Panginoon ng Kanyang Kabutihan. Isa sa mga susing tema sa istorya ni Ruth ay ang kabutihan ng Panginoon. Panimulang panalangin ni Naomi para kay Ruth na maging mabuti ang Panginoon sa kanya gaya ng pagpapakita ng kabutihan kay Naomi (1:8). Totoo ngang nagpakita ng matinding kabutihan kay Ruth ang Diyos; ipinahayag iyon sa pamamagitan ng kabutihan ni Boaz (2:20) na tumulong sa kanya, nag-ingat sa kanya, at sa katapusan ay inangkin siya bilang asawa.

Ang salitang Hebreo na isinalin mula sa "naging mabuti" sa Ruth 1:8 at 2:20 ay *"hesed" (chesed),* isang salitang mayaman sa kahulugan at isinalin sa marami at iba't ibang paraan sa Lumang Tipan, kabilang na ang "pag-ibig," "kabutihan," "pag-ibig na hindi nagmamaliw," at "awa." Ito ay salitang malalim ang pagka-ugat sa katapatan sa isang sinumpaang relasyon gaya ng pagpapahayag ng pagmamamahal at kabutihan batay sa relasyong iyon. Isang depinisyon ng *hesed* ay "ang palagian, maaasahang katapatan ng Diyos at pagpayag na gumawa ng mabuti para sa iba." Isa pang depinisyon ay "hindi nagmamaliw na pag-ibig at katapatan na mula sa diwa ng pagkalinga at pagtatapat." Ang *hesed* ng Diyos ay pumapalibot sa atin (Awit 32:10), nagpapabusog sa atin (Awit 90:14), sumusuporta sa atin (Awit 94:18), umaaliw sa atin (Awit 119:76), nagpapasagana sa atin (Awit 86:5), pumupuno sa buong sanlibutan (Awit 33:5), namamalagi magpakailanman (Awit 13:26:1) at sumusunod sa atin habambuhay (Awit 23:6).

Ang istorya ni Ruth ay isang magandang larawan ng *hesed* ng Diyos. Sa buong buhay na pagiging matapat ni Ruth sa Kanya (1:6) at panganganlong sa Kanyang bagwis (2:12), siya at si Naomi ay pinaulanan ng Diyos sa Kanyang katapatan ng Kanyang pag-ibig at kabutihan. Gayundin, sa pagkakanlong natin sa Kanya ay makikilala natin na Siya ay magiging tapat na ibubuhos ang Kanyang pag-ibig at kabutihan sa atin. *"Nagtiwala ako sa pag-ibig ng Diyos na di kumukupas."* (Awit 52:8).

Kinikilala at Pinagpapala ng Panginoon ang pagiging Maka-Diyos. Ang istorya ni Ruth ay naganap sa panahon ng mga Hukom (Ruth 1:1), isang madilim na panahon sa kasaysayan ng Israel noong niyakap ng mga tao ang pagsamba sa diyus-diyosan at gumawa ng masama sa mata ng Panginoon. Sa lubos na kabaligtaran, sina Boaz at Ruth ay namuhay ng may kabanalan. Halimbawa, tinalikdan ni Ruth ang mga diyus-diyosan, naging tapat ng buong puso sa Panginoon,at nakilala na isang babaeng may lubos na katapatan. (3:11). Ang pinakapangunahing karakter ni Boaz ay makikita sa kanyang relasyon sa kanyang mga manggagawa (2:4-5), ang kabutihan at kalinisan niya para kay Ruth, at sa integridad sa pagpayag na maging tagatubos ng malapit na kamag-anak para kay Ruth maging sa una pa lang nilang pagkikita, kahit na hindi tiyak ni Boaz na mapapasakanya ang babaeng nais niyang mapangasawa. Kinilala ng Panginoon si Boaz at Ruth dahil sa kanilang pagiging maka-Diyos, at pinagpala sila ng isang pag-aasawa, ng isang anak, at isang maka-Diyos na pamana kabilang na ang kanilang kaapu-apuhan na naging hari, si David, ang lalaking naaayon sa puso ng Diyos.

Tulad ngayon na nabubuhay tayo sa panahong sobra ang espirituwal na kadiliman, ang istorya ni Ruth ay isang paalala na magpatuloy sa pagiging maka-Diyos. Ang Panginoon ay nagmamatyag at tapat na pagpapalain Niya ang buhay mo pati na ang ibang tao sa pamamagitan ng maka-Diyos mong buhay.

Makakaya ng Diyos na gawin ang higit pa sa ating iniisip at inaakala. Paano inakala nina Ruth at Naomi ang kamangha-manghang wakas ng kanilang istorya? Nawalan na ng pag-asa si Naomi, ngunit natuklasan niya na sa Panginoon ay laging may pag-asa. Nakapagpamigay siya ng pagkain habang may taggutom (1:6, 22); nagkaloob Siya ng pinakamalapit na kamag-anak na tutubos kina Naomi at Ruth (2:20) at maging ng asawa ni Ruth (4:13); natulungan Niya si Ruth na maglihi at magsilang ng isang anak (4:13); nabigyan si Naomi ng hindi niya man lang inakalang posible. Gumawa ng daan ang Panginoon para kina Naomi at Ruth gayong halos wala nang paraan, at magagawa din iyan para sa iyo ng Panginoon! Siya ay *"...Diyos na makagagawa nang higit kaysa lahat ng maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang naghahari sa atin..." (Efeso 3:20).*

Isinasali ng Panginoon sa Kanyang Istorya ang sarili nating istorya. Isang pinakadakilang katotohanan tungkol sa Panginoon sa istorya ni Ruth ay ang pag-uugnay sa salin-lahi na napasulat sa Aklat. Ang talaan ng angkan ay makikita rin sa lahi ni Jesu-Kristo na nakatala sa unang tsapter ng Mateo. Isa sa mga pagbabago sa mga salitang ginamit ay ang pagbanggit ni Mateo na ang ina ni Obed ay si Ruth. Hinabi ng Panginoon ang buhay ni Ruth, isang Moabita, sa istorya ni Kristo! Napakamakapangyarihang testimonya ng biyaya ng Panginoon!

At kamangha-mangha rin ang katotohanan na ang Panginoon ay nagbibigay din sa atin ng biyaya upang maging bahagi ng istorya ni Kristo. Bilang mga mananampalataya, tayo ngayon ay bahagi ng Kanyang pamilya ay mayroon tayong oportunidad na mamuhay para sa Kanya, maglingkod sa Kanya, ipagbunyi Siya, itaas Siya, ipakita ang karakter Niya at makapaglingkod sa ngalan Niya. Samantalang ang mga buhay nina Boaz at Ruth ay nakaturo patungo kay Kristo, ang ating mga buhay ay nakaturo pabalik sa Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli, panghinaharap sa Kanyang muling pagbabalik, at gayundin sa kasalukuyan bilang araw ng kaligtasan kay Kristo (ang Manunubos). Napakaluwalhating pribilehiyo at responsibilidad! Atin ngayong panibaguhin ang ating debosyon at katapatan sa Kanya na buong mabiyayang hinahabi ang ating istorya sa istorya ng walang hanggan!

Tinatawag Ka Ng Diyos Na Manalangin

ni Wesley Duewel

May magandang plano ang Diyos kung saan mayroon kang impluwensiya na pang sanlibutan. Ang planong ito ay hindi lamang para sa kakaunti. Ito ay para rin sa iyo.

Sa pamamagitan ng panalangin ay makakatindig ka sa tabi ng isang ebanghelista habang siya ay nangangaral sa mga krusada saan mang panig ng mundo. Mapapalakas mo ang kanyang loob, mapagpapala, maitataas sa panahong nagdadala siya ng mabuting balita sa libu-libong mga tao. Sa pamamagitan ng panalangin masasamahan mo ang sinumang misyonero sa pinakaliblib na dako ng daigdig. Maraming beses ko nang naramdaman na nasa tabi ko ang isang lalaki o babae ng Diyos. Sa panalangin, mayayakap mo ang isang sanggol. Sa panalangin mahahaplos mo ang isang inaapoy ng lagnat sa alinmang ospital, maipaaabot ang pag-ibig ni Jesus na nagpapagaling. Binigyan ka ng Diyos ng paraan upang maparoon ang presensiya mo at maging isang tunay na katuwang sa gawain ng Kanyang kaharian, kung talagang gugustuhin mo.

Totoo na may mga natatanging mga tagapanalangin sa loob ng mga nagdaang siglo. Hindi natin kailanman sila lilimutin at ang kanilang mga ginawa na nagpabago ng mundo sa pamamagitan ng panalangin. Salamat kay Santiago, ang kapatid ni Jesus, na ginugol ang huling bahagi ng kanyang buhay sa panalangin para sa mga iglesyang itinatatag ng Diyos. Nang siya ay namatay at ang kanyang katawan ay inihahanda para sa kanyang libing, nakita ang napakakapal na kalyo sa kanyang mga tuhod dahil sa maraming oras ng pagkakaluhod kung kayat mukhang tuhod na ng kamelyo. Tinagurian siyang "Mga Tuhod ng Kamelyo." Salamat kay Savonarola noong ika 15- siglo sa Italia na nanalangin para sa *revival* noong bulok na panahong iyon. Salamat kay Brainerd, ang misyonero sa mga American-Indian, at ang kanyang buhay-panalangin at pag-iyak. Salamat sa Diyos kay "Praying Hyde" ang misyonero sa India, na marahil ay ang pinakadakilang *prayer warrior* ng ika-12 siglo.

Ngunit ang Diyos ay hindi lang sumasandal sa iilang mga banal. Plano Niya para sa mga ordinaryong Kristino tulad mo at tulad ko na maging dakila sa pananalangin para sa pagpapala at kaligtasan ng mga tao at ng pag-aani ni Kristo sa lahat ng bansa sa ngayon.

Walang ano mang dahilan upang hindi ka pwedeng maging matibay sa iyong personal na panalangin para sa katatagan ng Kanyang Iglesia at pagsulong ng Kanyang kaharian sa maraming bahagi ng mundo. Simula sa iyong pamilya, sa iyong iglesya, at sa iyong komunidad, magkakaroon ka ng malaking bahagi sa pamamagitan ng karaniwang pang-araw-araw na pananalangin na makagagawa ng malaki, maging sa malalayong lupain.

Muli't muli ay gumamit ang Diyos ng mga taong gaya mo at gaya ko upang tulungan Siyang masagot ang mga pang-agarang pangangailangan sa panalangin sa partikular na araw o okasyon. Kapag tumawag Siya ng isang tao para sa ganitong espesyal at panandaliang gawain, karaniwang pumipili Siya ng isa sa Kanyang mga anak na matagal nang matapat na nagpapatuloy na nananalangin.

Hindi mo kinakailangang manalangin ng napakahabang oras para mapabilang sa hukbo ng Diyos sa panalangin. Salamat sa Diyos para doon sa mga nakakapanalangin ng ganoon. Pero alam Niya ang mga limitasyon ng sarili mong sitwasyon, ng iskedyul mo, ng tahanan at trabaho mo. Ang plano Niya ay para magdagdag ng bagong larangan sa iyong buhay-panalangin. Ikaw man ay isang business executive o isang maybahay, isang trabahador sa pabrika o isang estudyante, isang layko o isang ministro ng ebanghelyo—nais ng Diyos na pasimulan mo ang isang nakakasabik, bago at mabisang buhay-panalangin.

Wala akong maipapangakong isang mahiwagang pormula para gawin kang isang higante sa pananampalataya sa isang magdamag lamang. Pero ang gusto ko lang sabihin ay pwede kang magkaroon ng bagong kapangyarihan at bisa sa panalangin. Makakaganap ka ng malaking papel sa plano ni Cristo. Maaari kang maging isang taong mapanalangin na ninanais ng Diyos—maaari, kung gugustuhin mo. Bakit hindi mo subukan?

Ang Magandang Plano ng Diyos Para sa Iyo

Malaki ang inaasahan ng Diyos para sa iyo at sa akin. Kanya ang buong karapatan. Mas malaki ngayon kaysa dati ang kakayanan mo para maimpluwensiyahan ang iba. Ito ang totoong totoo ara sa mga Kristiyano. Sinabi ni Billy Graham na pipiliin pa niyang mabuhay sa panahong ito kaysa mabuhay ng panahon ni Jesus dito sa lupa. Sumasang-ayon ako ng husto. Ang karaniwang Kristiyano ay pwedeng magkaroon ng mas malaking impluwensiya para sa Diyos kaysa sa isang karaniwang Kristiyano sa kahit aling mang nakalipas na henerasyon.

Kapanapanabik na panahon ito sa kasaysayan. Dumarami ang mga mananampalataya ngayon kaysa alinmang panahon. Ang Iglesya ni Kristo ay lumaganap sa mas malaking bahagi ng daigdig, mga pagpupuri sa Diyos bawat linggo sa higit na mga wika, at nagpapatotoo sa mas maraming mga tao kaysa dati. Mas marami ngayong mga manggagawa ng ebanghelyo, mas maraming mga lokal na iglesya, mas maraming sanayan ng Biblia, mas maraming Kristiyanong organisasyon, at maraming pagmimisyon.

Sa pamamagitan ng malawakang media—radyo, telebisyon at babasahin, may pasilidad tayo upang pabilisin ang gawain ng Panginoon higit pa sa ating nalalaman sa ngayon. Mararating natin ang pinakamalayong bansa nang mas mabilis, maibabahagi natin ang Ebanghelyo sa mas maraming wika, at mayroon tayong kakayahang mangalap at magpukol ng mas mahusay na panalangin para sa buong mundo. Mararating natin ang ating mundo kung gugustuhin natin. Ang pinakamalaking kakulangan ay panalangin. Kahit hindi paramihin ang bilang ng mga manggagawang Kristiyano o ang kanilang pinansiyal na suporta, makikita natin ang mas maraming bunga kung pararamihin lamang natin ang panalangin.

Panalangin ang pinakamalaking kakayahan ng Iglesya. Ito ang pinakamabisang paraan ng paghahanda ng Panginoon ng daan nating mga Kristiyano sa kasalukuyan. Ikaw mismo ay makakapag-impluwensiya ng mas maraming tao para sa Diyos at magkakaroon ng mas malaking papel sa pagpapalawak ng gawain ni Kristo sa pamamagitan ng panalangin kaysa alinmang paraan. Hindi lamang ito ang kailangan mong gawin. Ngunit ito ang pinakadakilang bagay na kaya mong gawin. Palaging binabanggit, ang diyablo ay nanginginig kapag nakikita niya ang pinakamahinang anak ng Diyos na nakaluhod.

Kung totoo ito, isipin mo na lang kung ano ang mangyayari kung ang bawat Kristiyano ay talagang seseryosohin ang kanyang papel at mananalangin nang regular at partikular, nakikipag-isa sa libu-libo o milyon pang iba, lahat ay mananalangin para sa iisang prayoridad na mga pangangailangan sa buong mundo. Handa ka bang maging kabahagi ng ganitong hukbo ng pananalangin?

Ang Kaigtingan ng Panalangin Mo Ngayon

Ang talaorasan ng Diyos ay papalapit na nang papalapit sa pagbabalik ni Kristo. Ang dakilang plano ng Diyos, kung saan nilikha Niya ang sanlibutan at ang tao, ay naantala ng mahabang pamamayani ng kasalanan at ni satanas mula pa ng pagbagsak ni Adan. Pero ayon sa Bibliya, ang pagkaantala ng pagbabalik ni Kristo ay hindi lang dahil buong tiyagang hinihintay ng Diyos na magsisi ang sanlibutan kundi dahil Siya ay matiyagang naghihintay na akayin sila sa pagsisisi (2 Pedro 3;9). Ito ay binigyan pa ng diin ng katotohanan na, sa lahat ng mga kondisyon at tanda na dapat mauna bago ang pagbabalik ni Kristo, marahil iisa na lang ang kinakailangang matupad: *At ipangangaral sa buong sanlibutan ang Mabuting Balita tungkol sa paghahari ng Diyos upang ito'y makilala ng lahat ng bansa. Saka darating ang wakas." (Mateo 24:14)*

Hindi natin alam ang lawak ng paghihintay ng Diyos upang sabihing sapat na ang pag-abot sa mga bansa, ngunit sa pamamagitan ng radyo ngayon ay maaari nang maabot ng ebanghelyo ang bawat sulok ng mundo. Ang milyun-milyon na di kayang abutin ng misyonero ay naaabot na ng ebanghelyo sa pamamagitan ng radyo (at makabagong teknolohiya). Talagang bawat probinsya at nayon sa Tsina ay naabot na sa paraang ito. Milyun pa sa Rusya, Albania at sa mga lupaing Muslim ay nakikinig sa mga mensaheng Kristiyano, sa sarili nilang wika.

Mas mabisa pa rin kung maririnig ng mga tao ang ebanghelyo sa sarili nilang wika. Bagamat tinataya na 95 porsyento ng mga tao sa mundo ngayon ay mayroon nang bahagi ng Kasulatan na naimprenta sa alam nilang wika, nawa ay pabilisin pa ng Diyos ang mga pagsisikap ng mga taong inilaan ang kanilang buhay sa pagkumpleto sa nalalabing mga wika at salita.

Paano Tayo Ginagawang Kumpleto Ni Jesus

ni Andrew Murray

Sinabi ni Jesus sa kanya, *"At siya'y nakita ni Jesus. Alam nitong matagal nang may sakit ang lalaki. Tinanong siya ni Jesus, 'Ibig mo bang gumaling?' Sumagot ang maysakit, 'Ginoo, wala pong maglusong sa akin kapag nakalawkaw na ang tubig; patungo pa lamang ako roon ay may nauuna na sa akin.' Sinabi sa kanya ni Jesus, 'Tumindig ka, dalhin mo ang iyong higaan, at lumakad ka.' At pagdaka'y gumaling ang lalaki, dinala ang kanyang higaan, at lumakad. Noo'y Araw ng Pamamahinga." (Juan 5:6-9)*

Ang istorya ng pagpapagaling ng lumpo ay nag-aanyaya sa atin para pansinin ang tatlong bagay. Ang unang tanong ni Kristo ay, una, para sa kalooban at humihingi ng pagpayag. Ikalawa, ang pakikinig ni Kristo sa patotoo ng kawawang lalaki. Panghuli, ang agad na pagsunod sa utos ni Kristo, na nagpatindig sa kanya at nagpalakad.

"Gusto mo bang gumaling"

Walang duda sa sagot ng lalaking lumpo sa tanong ni Kristo. Sino ba naman ang hindi papayag na mawala ang kanyang karamdaman? May mga taong hindi umaamin na malubha ang kanilang karamdaman. At ang iba ay hindi naniniwala na kaya silang pagalingin ni Kristo. At ang ilan naman ay naniniwala na mangyayari ito para sa ibang tao, ngunit hindi nila tiyak kung mangyayari ito sa kanilang sarili.

Sa ugat ng lahat ng kasinungalingan ay ang pangamba ng paglimot sa sarili at ng sakripisyo na hihingin sa kanila. Hindi nila kayang talikdan ang pamumuhay ayon sa sanlibutang ito, ang lahat ng pansariling kalooban at ang pansariling pagtitiwala at kasiyahan. Ang pamumuhay kay Kristo at tulad ni Kristo ay napakatuwid at mahirap. Hindi nila iyon gusto, at hindi nila gustong gumaling. Kapatid, kung gusto mo lamang, sambitin mo: "Panginoon! Anuman ang halaga! Gusto ko!" Mula sa panig ni Kristo ang kilos at ang pagpapasiya: *"Oo, ibig ko, gumaling ka."* Sa parte mo naman ay gayundin: *"Ibig ko, mangyari nawa ito sa akin."* Kung gusto mong lumaya mula sa pagiging inutil—huwag matakot na sabihin, *"Ibig ko, Ibig ko."*

Gawing Nag-iisang Tulong si Kristo

Pagkatapos ay ang susunod na hakbang. Nais ni Kristo na tumingin ka sa Kanya bilang nag-iisang tulong mo. Gaya ng sinabi ng lalaki, *"Wala pong maglusong sa akin kapag nakalawkaw na ang tubig..."* Dito sa lupa, walang ibang tutulong sa iyo. Ang kaluluwa mo ay may sakit; ang kawalang-lakas na lumakad nang maligaya sa buhay Kristiyano sa paraan ng Diyos ay tanda ng karamdaman; huwag matakot na ikumpisal ito at tanggapin na walang pag-asa para sa panunumbalik maliban sa isang kilos ng awa ng pagpapagaling sa iyo ni Kristo.

Ang pagpapaliban at pagtiis ay hahadlang sa iyo. Aminin na hindi ka makakapanalangin gaya ng gusto mo dahil

(sundan sa pahina 5)

Ang Susi Sa Intersesyon Na Panalangin

ni Dennis Kinlaw

Ang sumusunod ay hango mula sa mensaheng ibinigay sa isang kumperensiya ng America's National Prayer Committee noong Enero 2007 sa Texas.

"Una sa lahat, ipinakikiusap kong paabutin ninyo sa Diyos ang inyong kahilingan, panalangin, pamanhik, at pasasalamat para sa lahat ng tao. Gayon din ang gawin ninyo para sa mga hari at mga maykapangyarihan upang makapamuhay tayo nang tahimik at payapa, marangal at may kabanalan. Ito ang mabuti at nakalulugod sa Diyos na ating Tagapagligtas na ang ibig ay maligtas ang lahat ng tao at makaalam ng katotohanan. Sapagkat iisa ang Diyos at iisa ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Kristo Jesus na naghandog ng kanyang buhay upang tubusin ang lahat. Siya ang katunayan ng banal na layunin ng Diyos at nahayag sa takdang panahon. Dahil dito, ako'y hinirang na mangangaral, apostol at tagapagturo ng pananampalataya at ng katotohanang ito sa mga Hentil; katotohanan ang sinasabi ko, hindi ako nagsisinungaling." (1 Tim. 2:1-8 NRSV).

Maliwanag na si Apostol Pablo ay interesado patungkol sa panalangin. Ito ay dahil nasa ng Diyos na lahat ng mga tao ay maligtas. Ang panalangin ay hindi lang para sa sarili nating kapakanan kundi para tuparin ang mga layunin ng Diyos na ang lahat ay maligtas. Paano ito nagaganap? Dapat ay mayroong isang Tagapamagitan at iyon ay si Kristo-Jesus. Sa pagkakatawang-tao Siya ay naging katulad natin upang lutasin ang ating mga problema. Pagkatapos ay sinabi ng Diyos na nais Niyang makisama tayo sa Tagapamagitan bilang mga ahente ng pamamagitan, upang ang mga layunin ng Diyos para sa Kanyang sangnilikha ay matupad at upang ang lahat ay matubos.

Sa ikalimang tsapter ng Efeso, mababasa natin na dapat nating tularan ang Diyos: *"Mamuhay kayong puspos ng pag-ibig tulad ni Cristo..."* (t.2) upang ang sanlibutan ay maligtas. Sinabi ni Pablo na ang ganoong pagkakaloob ay *"mabangong samyo"* sa Diyos, ang uri ng pagsasakripisyong pag-aalay ng sarili kayat nagawa ng Diyos ang Kanyang gawaing pagliligtas sa buhay ng mga tao. Nagbubunsod ito sa intersesyon.

Ang ikawalong tsapter ng Roma ay nagsasabi kung paanong tayo ay magiging mga anak ng Diyos upang ang ating magiging tugon sa Diyos ay, *"Abba, Father."* Tayong lahat ay sa Diyos; ibig sabihin na pareho ang ating relasyon sa Ama kagaya ng ikalawang Persona ng Trinidad. Sinasabi sa Roma 8:15 at 16 na nais ng Diyos na lahat tayo ay magkaroon ng pagkadama ng pag-aampon sa atin kung kayat kapag iniisip natin ang Diyos, ang una nating naiisip tungkol sa Kanya ay ang pagiging Ama. Tayo ay sa Kanya. Ibinigay Niya ang Kanyang sarili sa atin. Mayroon tayong buhay dahil sa Kanya, kaya tayo ay inampon.

Sabi ng Roma 8:22, *"...ang sangnilikha ay dumaraing sa paghihirap,"* para sa ano itong pagdaing? Dahil ito sa pagkapahamak ng sanlibutan at sa pagkahulog ng sanlibutan. Ang buong sangnilikha ay dumaraing hanggang sa ang pag-aampon ay maganap (t.23), ang pangwakas na pangyayari kung kailan lahat ng bagay ay mapapasailalim sa Ama.

Sinasabi ng Roma 8:26 na ang Espiritu ay kasama nating dumaraing. Ang mga salitang kilos na ginamit doon para sa "daing" sa wikang Griego ay *"stenazo"* at *"sustenazo."* Dinagdag niya ang *"sun"* sa Griego, *"sumasaatin"* kayat Siya ay dumaraing kasama natin upang ang pangwakas na mga layunin ng Diyos ay matupad. May isa pang salita na ginamit doon, *"sunodino,"* at ang ibig sabihin "maghirap gaya ng nanganganak," dahil ang salitang *"odino"* ay "sakit ng panganganak." Ang Espiritu ay laging dumaraing gaya ng panganganak kasama natin para malikha ang pangwakas na mga layunin ng Diyos. Ang larawan ng pagdaing sa panganganak higit kaysa pinapangarap ko ay nakapaloob sa Kasulatan. Nagkakaroon ng buhay ang sanlibutan mula sa hirap at sakit, kayat ang Espiritu ay nagdurusa kasama natin. Ginamit ang *"stenazo"* dalawang beses at *"sustenazo"* tatlong beses. Ang salitang "lumuluhog" ay ginamit nang dalawang ulit—isa ang simpleng salitang *"entugchano"* para sa salitang lumuluhog at saka ang mas matinding salita para sa Kanyang pagluhog para sa mga banal, *"huperentugchano."*

Ang nagpapalakas sa atin upang magpatuloy ay ang pamamagitan ng Anak sa Ama sa pamamagitan ni Kristo sa pamamagitan ng Espiritu na sumasaatin. Pansinin ang mga preposisyon. Ang nakukuha natin sa Ama ay sumasaatin sa pamamagitan ng Anak, at ang ginagawa ng Espiritu sa atin ay napapasaatin sa pamamagitan ng Anak. Si Kristo ang sentro ng lahat ng ito. Siya ang Tagapamagitan.

Ang prinsipyo ng pamamagitan ay inilagay ng Diyos sa sangsinukob. Halimbawa, bawat tao na nakilala mo ay nariyan sa pamamagitan ng isa pang tao. Maliban lang sa antas na pantao—iyan ay si Adan. Ang prinsipyo ng pamamagitan ay totoo rin sa ating kaligtasan. Dumarating ito sa pamamagitan ng isa pang tao. Ang susi sa lahat ng tao ay nakasalalay sa isa pang tao. Wala akong alam na mas maganda pang biblikal na kaisipan maliban sa katotohanan na ang susi sa bawat tao ay wala sa taong iyon. Ang prinsipyo ng pamamagitan ay tumatagos sa ating pagiging tao.

Walang Ginawa si Jesus sa Pamamagitan ng Kanyang Sarili

Ang sumusunod na mga talata sa aklat ni Juan ay nagbibigay ng pahayag sa relasyon ni Jesus sa Ama (Juan 5:19, 30; 7:28; 8:28, 42; 10:18; 12:49; 14:10; 15:4; 16:13). Sinasabi ni Jesus na ang Anak ay walang anumang magagawa maliban sa nakikita Niyang ginagawa ng Ama. Hindi Siya nagsasalita ayon sa Kanyang sarili. Sinasabi lang Niya ang kung ano ang iniuutos ng Ama. Hindi Siya dumating sa sarili Niyang kagustuhan, kundi sa Ama na nagsugo sa Kanya.

Sa pagbasa ko ng mga pahinang ito, napansin ko na ang pangunahing panauhan sa Ebanghelyo ni Juan ay hindi si Jesus, kundi ang Ama, dahil ang Anak ay naparito upang tuparin ang kalooban ng Ama. Ang Anak, gaya ng embahador, kapag siya ay nagsalita, ay hindi nagsasalita para sa kanyang sarili kundi para sa Ama. Ang pamamagitan dito ay sumasakop sa lahat. Lahat ito ay *"mula sa Ama sa pamamagitan ng Anak."*

Kayat sinabi ni Jesus, "Ang aking turo ay hindi galing sa aking sarili...Ang aking buhay ay hindi sa aking sarili...Ang aking Ama ang nagbibigay ng buhay sa akin...Ang aking mga gawa ay hindi sa aking sarili, ito ay sa Kanya..." Mayroon lang iisang bagay na Siya lang mismo ang gumawa. Tingnan ang Juan 10:18: *"Walang makakukuha nito sa akin; kusa ko itong ibinibigay. Mayroon akong kapangyarihang ibigay ito at kunin uli. Ito ang utos na tinanggap ko sa aking Ama."* Ang tanging ginawa lang Niya sa ganang kanyang sarili ay ang krus. Pinili niya na ialay ang Kanyang sarili.

Natuklasan ang Susi

Ang susing dahilan sa panalanging pagluhog o intersesyon ay upang makadako ang Diyos sa lugar kung saan ang kapakanan ng mga tao ay mas mahalaga kaysa sa kanyang sarili. Makikita mo iyan sa Roma 9:3 kung saan sinasabi ni Pablo, *"Tungkol sa aking mga kalahi at mga kababayan, anupa't mamatamisin kong ako'y sumpain at mawalay kay Cristo, alang-alang sa kanila."* Napakabigat ng kanyang pasanin para sa mga Hudyo. Mayroon din niyan sa istorya ng gintong guya. Sinabi ng Diyos kay Moises, *"Kung gusto mo, lilipulin ko sila at sa iyo ko pagmumulain ang isang malaking bansa."* (Exo. 32:10). Ang sinasabi ng Ama ay, "Pabayaan mo lang Ako na Ako ang humarap sa kanila." At sinabi ni Moises na kung may pasisimulan ang Diyos, dapat lang Siyang magpasimula kay Moises kayat nakaligtas ang bansa.

Ang malaking tanong ay, paano ako mapaparoon sa lugar kung saan mas mahal ko ang iba kaysa sa aking sarili? Idinalangin ni John Knox, "Ibigay po Ninyo sa akin ang Scotland, kung hindi ay mamamatay ako."

Kailangan kong dumating sa antas kung saan ako ay nabubuhay para sa iba. Kung gusto mong magbago ang ibang tao, kailangan mong magsimula sa isang tao maliban pa sa taong kinakailangang magbago. Ang posibilidad na mababago ang buong sanlibutan ay nagpasimula sa puso ng Diyos, hindi sa puso ng sanlibutan. At ang posibilidad ng kaligtasan ng isang tao ay hindi magpapasimula sa puso ng makasalanan. Nagpapasimula iyon sa puso ng Iglesya, ang Katawan ni Kristo, dahil sa pakikisama kay Kristo—ang Tagapamagitan.

Nais ng Diyos na iligtas ang sanlibutan, pero hindi Siya nagpapasimula sa sanlibutan. Sinasabi ni Jesus sa Juan 17 na hindi Siya dumadalangin para sa sanlibutan. Dumadalangin Siya para doon sa mga ibinigay sa Kanya ng Diyos, at dumadalangin Siya para doon sa mga sumasampalataya sa Kanya dahil sa kanila. Ang mga propeta ng Diyos ay karaniwang isinusugo sa bayan ng Diyos, hindi sa sanlibutan. Kung nagpakabuti ang Jerusalem, ang buong mundo ay may tsansa, at hanggat ang Israel, ang Banal na Lungsod, ay hindi pa maaayos, ang sanlibutan ay walang tsansa. Ang susi sa sanlibutan ay nasa ating mga kamay. Hindi lahat ng sanlibutan ay nasa aking mga kamay at sa inyong mga kamay, ngunit ang ilang bahagi nito ay gayon nga. Nasa Kasulatan ito.

Ang salitang Hebreo na sinalin bilang "manalangin" ay karaniwang salin ng *"hitpallel"* na ang ibig sabihin ay "ilagay sa pagitan." Ito ay paglagay sa pwesto para sa kabutihan ng iba. Iyan ang intersesyon, sa pagitan ng problema at sagot.

Paano Tayo Ginagawang Kumpleto Ni Jesus

(mula sa pahina 4)

hindi mo kayang bigyan ang iyong sarili ng malusog, makalangit na buhay na nagmamahal sa panalangin, at marunong umasa sa Espiritu ng Diyos upang manalangin. Lumapit ka kay Kristo at Siya ang magpapagaling sa iyo. Makakaya ka Niyang pagalingin sa isang saglit. Hindi iyon biglaang pagbabago sa iyong madarama kundi sa makalangit na katotohanan ng Kanyang pagpasok bilang tugon sa iyong pagsuko at pananampalataya at pagpuspos ng Espiritu Santo.

Ang Pagsusuko ng Pananampalataya

Ang ikatlong bagay na hinihingi ni Kristo ay ito—ang pagsuko ng pananampalataya. Nang kausapin Niya ang lalaking lumpo, ang salitang utos Niya ay kinakailangang sundin. Nanampalataya ang lalaki na mayroong katotohanan at kapangyarihan sa salita ni Kristo; sa pananampalatayang iyon, siya ay tumindig at lumakad. Sa pamamagitan ng pananampalataya siya ay sumunod. At ang sinabi ni Kristo sa ibang tao ay para din sa kanya—*"Pinagaling ka ng iyong pananampalataya" (Mateo 9:22)*. At sa atin ay hinihingi din ni Kristo ang pananampalatayang ito upang sa Kanyang Salita ang ating pagiging inutil ay nagiging kalakasan at ginagawa tayong malakas para mamuhay ng isang bagong buhay. Manampalataya dito at lakasan ang ating loob at sabihin kagaya ni Pablo, *"Ang lahat ng ito'y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Kristo." (Filipos 4:13)*.

Pakinggan natin ang salita na nagsasabi sa ating ituon natin ang ating mata sa kapangyarihan, buhay at maibiging Kristo, na nangungusap, *"Tumindig at lumakad!"* Lakasan natin ang ating loob at tanggapin natin at manalig sa di-nakikitang Kristo bilang ating kalakasan at magpapatuloy sa kalakasan ng Panginoong Diyos. Makikilala natin si Kristo bilang kalakasan ng ating buhay. Makikilala natin at masasabi at mapapatunayan na si Jesu-Kristo ang nagpagaling sa atin.

Huwag agad umasang magiging magaling ka sa panalangin o sa alinmang bahagi ng buhay-Kristiyano. Ngunit umasa sa isang bagay—na sa pagtitiwala mo ng iyong sarili kay Cristo upang maging iyong kalusugan at kalakasan, gagabayan ka Niya at tuturuan ka.

Magsimulang manalangin nang buong taimtim at umasang may masiglang katiyakan na gagawa Siya sa pangangailangan mo. Tumindig at lumakad sa bawat araw sa isang banal na katiyakan na Siya ay sumasaiyo. Tanggapin si Jesu-Cristo na Siyang Buhay, at magtiwala na gagawin Niya ang Kanyang gawain.

Hango mula sa *The Ministry of Intercession* ni Andrew Murray.

Bukal Ng Pag-ibig, Dumaloy Ka Mula Sa Puso Ng Diyos Tungo Sa Puso Ko

ni Miss A.M. Jacobsz

Dahil mahal natin Siya, dapat ay may ganitong panalangin ang ating puso, "Panginoon, bayaan Ninyong lumakad ako sa liwanag kung paanong Kayo ay nasa liwanag." (Tingnan ang 1 Juan 1:7) Pero bago Niya ito magagawa, kinakailangan Niyang alisan ang buhay mo ng lahat ng bagay na makasalanan at makasarili. Bago mapuspos ng Espiritu Santo ang buhay mo, ipapasok muna Niya ang Kanyang liwanag, at makikita mo ang mga kasalanan na akala mo dati ay wala.

Ipakikita Niya ang madidilim na bahagi na naitago mo mula sa ibang tao. May pagkakataon na sa puso ko ay may madidilim na sulok, mga kasalanang ibinulong ko lang sa Diyos, ngunit nandoon pa rin. Alam ko na kung ang puso ko ay yari sa salamin, masisilip ito ng mga tao, makikita nila ang mga bagay na kahiya-hiya. Kung ikaw ay yari sa salamin at titingin ako, mamumula ka ba sa hiya? Lagi kong sinasabi sa mga Kristiano ang aking mga tagumpay, ngunit ang aking mga pagkatalo ay hindi. Kapag nanalangin ako kasama ng iba, sinasabi ko ang mababuting bagay, hanggang sa dumating ang oras na sabihin sa akin ng Diyos, "Sinungaling ka. Nilolоko mo lang ang ibang Kristiano. Payag kang lumakad sa liwanag kung kasama Ako, pero lumalakad ka sa dilim kapag iba ang kasama mo. Bakit hindi mo sabihin sa kanila?"

Isang gabi, isiniwalat ko ang lahat, wala akong pakialam kung ano ang mangyayari. Gusto ko ang buhay na makapangyarihan. Maaaring may magtanong, "Hindi ka ba nanghihinayang na isiniwalat mo ang kasalanan sa Diyos at tao?" Hindi, natutuwa pa ako. Marami ang lumapit sa akin mula nang gabing iyon, at sinasabi din ang lihim nila, at kinatagpo din sila ng Diyos. Gusto mo ba ng buhay na makapangyarihan? Kung gayon ay idalangin mo ang panalanging ito—"Panginoon, bigyan Mo po ako ng kapangyarihan, ngunit Panginoon, ibigay Mo po sa akin ang iyong ilawan upang makita ko kung bakit wala akong kapangyarihan."

Nang nasain ni Isaias ang isang buhay na makapangyarihan, unang dumating ang pantanglaw. Si Isaias ay propeta, anak ng Diyos, pero kailangan niya iyon. Alam mo ba ang nangyari nang dumating ang tanglaw? Nagpatirapa siya sa lupa at sumigaw, *"Kawawa ako. Marumi ang aking labi at naninirahan sa piling ng mga taong marurumi rin ang labi. Mapapahamak ako pagkat ako'y isang makasalanang nakakita kay Yahweh, ang Makapangyarihang Hari."* (Isa. 6:5) Hindi niya itinago ang kanyang kasalanan, isinulat niya iyon sa aklat para mabasa natin upang gawin tayong matapat. Gusto niya ng pagtatapat, kayat isang nag-aapoy na baga ng apoy ang dumampi sa kanyang labi, at siya ay nalinis. Kung ang pantanglaw ay dumapo sa puso mo, ikaw din ay luluhod at sisigaw. Kapag dumating ang tanglaw, darating ang kapangyarihan; kapag bumaba ang kapangyarihan ang bunga ng pag-ibig ay susunod ding darating sa ating buhay.

Kawalan ng Pag-ibig Isa Kong Kasalanan

Kung walang dugo, walang krus; hindi sana ako nagsalita, hindi rin ako napahiya, dahil ang kawalan ng pag-ibig ay isa kong kasalanan. Alam sa mga silid-aralang pinagtuturuan ko na wala akong pag-ibig, pero ang mayroon ako ay kawalan ng pasensiya; wala yatang lumipas na linggo na hindi ako nawalan ng pasensiya. Nahihiya akong sabihin sa aking mga estudyante na si Jesus ay nagbibigay ng matagumpay na buhay. Eh di sasabihin nila sa kin, "Bakit hindi namin nakikita ang buhay na iyan sa iyo? Bakit ang nakikita namin ay laging galit, o kawalan ng pasensiya? Sinasabi ng labi mo sa amin ang pag-ibig ng Diyos, pero ang buhay mo ay nagsasalita sa amin ng galit." Lagi akong umiiyak habang natutulog ang mga estudyanteng babae; iniiyakan ko ang kawalan ko ng pasensiya, dahil alam kong binibigo ko ang Diyos.

Nasa iyo ba ang kasalanang ito? Nakikita ba ng Diyos na nalulungkot ang puso mo dahil sa kasalanang ito habang ang iba ay natutulog? O baka walang luha? Kung gusto mo ng buhay na may kapangyarihan, unahin mo muna ang buhay na may pag-ibig.

Isang gabi ipinakita sa akin ng Diyos na may dugo na lilinis sa aking pusong walang pag-ibig. Ibinuhos niya sa akin ang Kanyang pag-ibig, pag-ibig na hindi sa akin, kundi nagmumula sa Kalbaryo. Bumalik ako sa pareho ding silid-aralan, sa parehong pagkakataon, pero iba na ang buhay. Bago iyon, kapag binibigo ko ang Panginoon sa araw araw, kapag lagi akong nawawalan ng pasensiya sa silid aralan, lagi akong nagpapatirapa sa Kanyang paanan at sinasabi ko, "Panginoon, patawarin Mo po ako, nawalan na naman ako ng pasensiya. Hindi man lang ako makatingala. Bumagsak na naman ako sa parehong kasalanan."

Ngunit may isang malambing na kamay, isang kamay na batbat ng dugo ng Kalbaryo ang humipo sa akin, at umagos sa buhay ko ang pag-ibig. Gayundin ang ginawa ng mga mag-aaral. Ang kapaligiran ngayon ay pag-ibig, ang pinakamaliit na utos ay ibinigay na may pag-ibig. Kung minsan ay titigil ako sandali at sasamba sa Diyos upang madama ang Kanyang presensiya sa aming kalagitnaan. At dumating ang revival sa silid-aralang iyon.

Titimbangin ng Diyos ang bawat buhay. Ang hatol ba ay, "Tinimbang ngunit kulang"—ang pag-ibig na nakasulat sa ekspresyon ng mukha, sa lambing ng tinig, sa gamit na mga salita at pagtrato sa mga tao. Ang malambing na pagsasalita ay pag-ibig; ang pinakamalakas na wika ay pag-ibig. Maaaring araw-araw ay nananalangin ka, matapat, ngunit kapag narinig nila ang pagsasalita mong walang pasensiya—ikaw mismo ang magiging hadlang sa mga panalangin mo. Kapag minsanan mong natutuhan ang lengguwahe ng pagibig, ang kaparehong pagsubok ay darating, ngunit iba ang iyong pakahulugan.

Ang Kabutihan ng Pag-ibig

"Sila'y mga lingkod ng Diyos sa ikabubuti mo. Ngunit matakot ka kung gumagawa ka ng masama, sapagkat sila'y talagang may kapangyarihang magparusa. Sila'y mga lingkod ng Diyos at magpaparusa sa mga gumagawa ng masama." (Roma 13:4). Ang tunay na pag-ibig ay nakauunawa.

Mauunawaan mo na ang kabutihan ng pag-ibig na umuunawa sa matigas ang ulong kamag-anak, o kasama sa kwarto, o katulong, o anak. Ang pag-ibig na mabait sa taong hindi mabait sa iyo! Nakamit mo na ba ang pag-ibig ng mga taong hindi mabuti sa iyo? Makakamit ko ang pag-ibig niya dahil kailangan niyang makita sa akin ang pag-ibig ng Diyos.

Ang pag-ibig sa taong mahirap kausap; pag-ibig na nagbibigay kapag hindi karapat-dapat; pagibig na iibig sa mga tao na sa pakiramdam mo ay nagtuturo ng maling doktrina—ang ibigin sila kapag sila ay naiiba; ang ibigin sila na hindi ka naiintindihan, dahil ikaw man marahil ay hindi mo sila naiintindihan. Doon sa Bundok ng Kalbaryo ay iibigin mo sila, at sa pag-ibig sa Kanya ay iibigin mo ang ibang tao. Kapag pangit ang pakikitungo nila sa iyo, tinatanggap mo iyon bilang regalo mula sa Diyos para ibigay sa iba alang-alang sa Kanya.

Kung iibigin mo lang ang umiibig sa inyo, ano ang kaibahan ninyo sa kanila? Hindi ba't iyan din ang gawa ng mga publikano? Papasa ba sa pagsubok ang buhay mo? Susubukin ba natin ang ating sarili sa mga taong maganda ang pakikitungo sa atin? Hindi, walang halaga ang magmahal sa mga taong nagmamahal din sa atin. Ang pamantayan Niya ay maging mabuti sa kanila na nagkasala sa atin. *"Ngunit sinasabi ko sa inyo, mga nakikinig: ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, gawan ninyo ng mabuti ang mga napopoot sa inyo, pagpalain ninyo ang mga sumusumpa sa inyo, idalangin ninyo ang mga umaapi sa inyo."* (Lucas 6:27-28). Gumagawa ka ba ng mabuti sa mga may galit sa iyo? Nagsisikap ka bang maging mabuti sa tao na hindi kailanman naging mabuti sa iyo? May ginagawa ka ba para magpakita ng kabutihan sa tao na hindi kailanman naging mabuti sa iyo? Hinahanap ng Diyos ang ganyang mga gawa. Idinadalangin mo ba sila?

Dalawang bagay ang nakatulong ng malaki sa akin nang naipaalala sa akin ang isang tao na hindi mabuti sa akin. Natutukso ako na huwag siyang mahalin. Ngunit sa pagtingin ko sa mga gawa niya ay nakita ko ang isang kamay na nakapatong sa mga kilos na iyon, at nang tingnan ko ang kamay ay nakita ko ang tanda ng sugat, at nang tiningnan ko ang mga di mabuting gawa sa pananaw ng isang sugatang kamay ay naging sapat upang tunawin ang puso ko. At nang matunaw ng pag-ibig Niya ang puso ko, gusto ko na siyang mahalin.

Noong alalahanin ko na siya ay isang anak ng Diyos, naalala ko na mahal niya ang Panginoon. Kaya sinabi ko sa Kanya, "Panginoon, alang-alang sa Kaibigan niya na mahal niya, gusto ko siyang mahalin."

Isang tunay na pansubok kung ikaw ay banal o hindi ay kung minamahal mo ang mga taong gumawa ng masama sa iyo.

Ang Pag-ibig na Nagpapatawad

Ang pag-ibig na nagpapatawad ay isang pag-ibig na nagpapawalang-sala. *"Magpaumanhinan kayo at magpatawaran kung may hinanakit kayo sa isa't isa. Pinatawad kayo ng Panginoon kayat magpatawad din kayo."* (Col. 3:13)

Ang pag-ibig na nagpapatawad ay ginagawa iyon bago pa man humingi ng tawad ang tao. Isang mister ang lumapit sa kanyang misis upang makipagbati at humingi ng tawad, ngunit bago pa niya gawin iyon, sabi ng misis, "Pinatawad na kita." Ang pag-ibig mo ba ay pag-ibig na nagpapatawad, o nagsasabi, "Hindi ko kayang magpatawad." Mayroon ka bang sama ng loob sa isang tao? Napatawad mo na bang lahat ang tao, pati ang taong nagtrato sa iyo ng masama, at ang taong nagtaksil sa iyo, o ang taong hindi humihingi sa iyo ng patawad?

O alam mo ba sa puso mo na mayroon doong ayaw magpatawad, at hindi na naibalik ang dati mong pagtingin? *"Ngunit kung hindi kayo magpatawad, hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong amang nasa langit."* (Marcos 11:26).

Ang pag-ibig na nagpapatawad ay makakasumpong sa katotohanan na walang tao na hindi niya kayang patawarin. Napakalaki ng nawawala sa atin kung may isang tao na hindi natin lubusang mapatawad.

Naalala ko ang isang anak ng Diyos na lumapit sa akin dahil ang puso niya ay hindi nasisiyahan. Hindi niya matanggap ang buong pagmamahal na ibinigay ng Diyos sa krus—ang dugo para maglinis at magtakip. Naitanong ko sa kanya, "Baka may isang tao na hindi mo napapatawad?" "Oo, at hinding-hindi ko siya mapapatawad. Sinira niya ang relasyon naming mag-asawa at dalawang buwan nang namatay ang asawa ko." Sa pusong tao, mahirap gawin ang magpatawad.

Pagkatapos ay ipinakita ko sa kanya na hindi siya maaaring patawarin ng Diyos (Marcos 11:25), at ipinaalala ko sa kanya ang isa pang puso na tinudla ng kanyang mga kasalanan at dumugo, hanggang sa naubos na ang dugo.

Kaya't sabi ko, "Hindi mo ba kayang magpatawad alang-alang sa pag-ibig na iyon?" (Mateo 18:21-35). Sa pagluhod niya ay sinabi niya, "Panginoon, patawarin Mo po siya, at patawarin Mo po ako dahil sa hindi ko pagpapatawad sa kanya agad, at pupuntahan ko siya at hihingi ako ng tawad dahil ako ay napatawad na."

Iyan ang pag-ibig ng Kalbaryo. Kapag pinatawad ka na, madali nang humingi ng tawad sa iba. Pag-ibig ang nagtutulak sa iyo upang makipagkasundo. Kay bigat ang naiibsan kapag natutunan nating umibig.

Pag-ibig na Nililimot ang Lahat

Tinutunaw ng pag-ibig ang lahat ng pagkaalala sa mga taong nagkasala sa iyo, nakasakit sa iyo, at nagtrato ng masama sa iyo. Kaya ng Diyos na hugasan ang lahat ng mga dalampasigan sa buong daigdig; dobleng kaya Niya na hugasan ang puso mo.

Pag-ibig na Nagtatakip ng Lahat ng Kasalanan

"Ang pag-ibig ay nagpapaumanhin sa lahat ng kasalanan." (Kawikaan 10:12) *"Ang pagpapatawad sa kapwa ay nagpapasarap sa samahan. Ngunit ang pagkakalat sa kasamahan ay sumisira sa pagkakaibigan."* (Kawikaan 17:9) *"Higit sa lahat, magmahalan kayo nang tapat, sapagkat ang pagmamahal ay pumapawi ng maraming kasalanan."* (1 Pedro 4:8).

Ang pag-ibig mo ba ay nagtatakip sa kasalanan ng ibang tao o baka ipinamamalita mo pa iyon? Kung gayon ay may marka ng kasalanan ang mga labi mo. Kapag isinisiwalat ng kapatid mo ang iyong mga kasalanan ano ang dapat mong gawin, ibubulgar mo rin ba ang sa kanya? Hindi. Tatahimik? Sa halip, ipagsabi mo ang mga kabutihan niya. Masasama ang pinagsasabi niya sa iyo, mabuti ang ipagsasabi mo tungkol sa kanya. Ang pag-ibig ay mahirap mamintas. Lahat ng mga imbensyon ng diyablo ay upang magnakaw, ubusin ang ating kapangyarihan; ito ang kanyang obra maestra. Ang mga labi na namimintas at pagkatapos ay nangangaral ay hindi mabuti. Ang mga labi na namimintas at pagkatapos ay nagpapatotoo ay makikitang walang kapangyarihan

Ang pag-ibig ay matapat. *"Mas mabuti ang panunumbat nang hayagan kaysa ipakita mong wala kang pagmamahal. May pakinabang sa hampas ng tapat na kaibigan kaysa halik ng isang kaaway."* (Kawikaan 27:5-6). Matapat ang mga sugat ng isang kaibigan. *"Ang sinumang tumatanggap sa isang batang ganito dahil sa akin ay ako ang tinatanggap."* (Mateo 18:15; Lev. 19:17). Kapag may natuklasan akong kapintasan ng ibang tao, nagbibigay ang Diyos ng pag-ibig na umuunawa at nagiging mabait; hindi binabalewala ang kamalian, kundi matapat, ngunit mapagmahal at mabait. Samahan sila sa panalangin.

Kapag may nakikitang kamalian ang pag-ibig, hindi niya ito sinasabi sa matalik niyang kaibigan, kundi doon mismo sa tao. Pinakamahirap na gawin ito. At kapag nagsalita ka, makikita na mayroon kang isinasakripisyo. Ang mabuting layunin ay maaaring mawala sa paraan ng iyong pagsasalita.

Ang wika na naiintindihan ng lahat pati katrabaho natin ay ang wika ng pag-ibig, ang pag-ibig na nagpapaumanhin. Ngunit ang ganritong uri ng pag-ibig ng Kalbaryo ay dapat pumasok sa puso mo bago ka pumunta sa kanila. Mas mahirap para sa iyo ang magbigay ng pagsaway kaysa tumanggap nito. Kung madali mong napag-uusapan ang mga kakulangan at kasalanan ng sinuman; kung madali mong napagsasabi pati ang kamalian ng isang bata, ibig sabihin ay wala kang alam tungkol sa pag-ibig ng Kalbaryo. Ang katapatan ng pag-ibig ay hindi sisira sa pagtitiwala.

Pag-ibig na Mapagbata

"Kayo'y maging mapagpakumbaba, mabait, at matiyaga. Magmahalan kayo at magpaumanhinan." (Efeso 4:2). Ang pag-ibig ay matiyaga. May nakapagsabi sa akin tungkol sa katrabaho niya. "Hindi ko siya kayang pagtiisan, wala siyang paki, laging siya ang nasusunod, maingay kapag gusto naming mamahinga, laging huli sa kainan, atbp." Sumagot ako, "Hindi mo pa natutunan ang sekreto ng pag-ibig. Ang pag-ibig ay matiyaga kapag ang iba ay wala nang pasensiya." Nang katagpuin siya ng Diyos at pinuspos ng pag-ibig ang kanyang puso, lumapit siya muli sa akin, "Paano ba ako makakabawi sa taong di ko napagpasensyahan?"

Pag-ibig na Mapagtagumpay

Ang pag-ibig ay makikipag-ayos sa mga taong hindi maayos ang pagtingin sa kanya. Talaga sigurong lungkot na lungkot ang Diyos kapag nakikita Niya ang Kanyang mga anak na hindi nagkakasundo. May isang misyonerong nagsabi sa akin na napakahirap makasundo ang isa niyang kamanggagawa. Nang magkita kami ulit, ang sabi niya, "Nagdesisyon na lang kami na maghiwalay ng tirahan, at ngayon mas maganda na ang samahan namin." Sabi ko, "O, malaki ang nawawala sa inyo! Nawawalan ang kaluluwa ninyo ng paaralan ng pagdisilipina ng Diyos." Hindi nalutas ang problema niya. Ang pag-ibig na humuhubog sa mahirap na sitwasyon ay wala doon.

Ang Pag-ibig na Ginagantihan ng Mabuti ang Masama

"Kaya, kung nagugutom ang iyong kaaway, pakanin mo; kung nauuhaw, painumin mo; sa gayon, mapapahiya siya sa kanyang sarili." (Roma 12:20). Ang pag-ibig ay gumaganti, hindi ng kapareho nito, kundi ng mas maganda, kahit anuman ang naging dahilan (tingnan si David at Saul, 1 Sam. 26:8-16); Jose, Gen. 45:4-8; 50:15-21).

Ang Pag-ibig na Hindi Makasarili

"Ang pag-ibig ay... hindi makasarili..." (1 Cor. 13:5) Kapag natagpuan mo ang buhay na may pag-ibig, makakalimutan mo ang personal mong mga kapakanan at maaalala ang kapakanan ng iba. Ang buhay mo ba ay may pag-ibig na nililimot ang sarili at ibinibigay ang pinakamabuti para sa iba? Maraming pagtatalo ang maiiwasan kung ito ay isinasabuhay!

Ang Pag-ibig na Nagtatapat

"Huwag kayong magkaroon ng sagutin kaninuman, liban sa saguting tayo'y mag-ibigan." (Roma 13:8). "Sa pamamagitan ng pagsasalita ng katotohanan sa diwa ng pag-ibig, magiging ganap tayo kay Cristo na siyang ulo." (Efe. 4:15). "Huwag kayong magsisinungaling sa isa't isa, yamang hinubad na ninyo ang dating pagkatao pati ng mga gawa nito." (Col. 3:9). May isang misyonero na naantig sa kumbiksyon ng kasalanan, at nagpasiyang ilahad ang kanyang puso. Tinawag niyang lahat ang mga nars at sinabi, "Hindi ako naging tapat. Ang ipinangaral ko ay hindi ko sariling mensahe." Hindi lang tayo dapat maging tapat kagaya nito, kundi maging matapat kapag may simpleng mga tukso na pumapasok. Kung hindi hayag ang ating buhay sa Diyos at sa tao—mas makikita ng ibang tao ang totoo sa atin kaysa sa ating sarili.

Kung paanong tapat kayo sa tagumpay, maging tapat din sa mga pagkatalo! "Walang itinatago," ang dapat maging katangian ng anak ng Diyos. Ang mamahaling bato na tagos ang linaw ang siya lamang na walang anino. Masasabi mo ba, "Kung ang buhay ko ay nakasulat sa alapaap, wala akong ikahihiya!" Kung may ibang motibo na pumapasok, ilantad mo iyan sa liwanag.

May isang anak ng Diyos na lumapit sa akin isang gabi at nagsabi, "Tagumpay ako sa bawat larangan maliban dito." May isang malaking kadena ang nakagapos sa kanya. Ngunit nang maging bukas siya patungkol dito at inilantad ito, ipinakita ko sa kanya ang tunay na kulay ng kasalanan at saka ang lunas na tiyak na tiyak—ang dugo ni Jesu-Kristo. At nalagot ang kapangyarihan ng pagtatago. Pinalaya siya ng Diyos, at pinatototo niya, "Noong isang linggo ay nagsalita ako sa isang gawain at nagturo, *"Malapit na ang pagdating ng Panginoon" (Santiago 5:8).* Hindi handa ang aking sarili at tumayo sa harap nila na isang ipokrito; Babalikan ko sila at sasabihin ko sa kanila na nagturo ako sa kanila pero ako mismo ay hindi handa." Kapag inakyat mo ang Bundok ng Kalbaryo, ang buhay mo ay lalong magiging bukas at ikaw ay magiging tapat pati sa maliliit na bagay.

Ang Kababaang-Loob ng Pag-ibig

Kapag natutunan mong umibig, ang buhay mo ay magiging mababang-loob. Dadaluyan ito ng pag-ibig. Pagkatapos ay matatanggap mo ito kapag ikaw ay itinutuwid kahit na hindi maganda ang pagtutuwid sa iyo. Natutunan mo ang batas ng kababaang-loob. Natutunan mong maging pinakamaliit, maging kung paano aayusin ang lahat ng bagay sa ibang tao. (Basahin ang Juan 7:37-39)

Ang pag-ibig ay tumatanggap ng pagkakamali. Tatanggap ito ng mga mungkahi. Isinuko ng kababaang-loob ang lahat niyang mga karapatan na konsultahin, parangalan, igalang, sundin; at kung gayon tinatanggap nang buong kabaitan lahat ng kabaligtaran nito. Tatanggapin ng may kagalakan ng pag-ibig kahit na maging ikalawa at ikadalawampung lugar lamang; hahayaang matanggap ng iba ang pasasalamat para sa ginawa nito. Ang matuwid na daan tungo sa itaas ay ang daan patungo sa ibaba. Kapag ikaw ay nasa lugar na nais ng Diyos para sa iyo, makikita mong dumadaloy ang mga pagpapala sa ibang tao. Ang batis ng pag-ibig ay dumadaloy mula sa puso ng Diyos para sa buhay ng Kanyang talunang anak!

Umiibig siya na nagdurugo ang puso! Pitpit ang kamay Niyang kakalagin ang iyong mga tanikala, kahit na ang mga pagkatalo mo ay nagdadala ng walang katapusang hapdi sa puso ng Diyos. Sa saglit na pumayag ka, kakalimutan Niya ang Kanyang sakit at magbibigay ng pahid upang pagalingin ang iyong mga sugat at lunasan ang iyong kalungkutan. "Anak, *'Sa simula pa'y inibig ko na sila at patuloy kong ipinagmamalasakit.'"* (Jer. 31:3). Dahil sa mga pagkatalo mo ay nawala ang ating pakikisama sa isa't isa, ngunit hindi mawawala ang aking pag-ibig. Hindi ako nawalan ng loob sa iyo, at hindi ako tumigil magmahal. (1 Pedro 5:7)

Mahalaga ka sa Kanya. Mahalaga sa Diyos kung masaya ka sa isang buhay na makapangyarihan, may laya, malinis at malapit sa puso Niya. May halaga ba ito sa iyo? Lumapit kayo sa Akin, at uminom ng aking pag-ibig. Mapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa pag-ibig ko dahil sila ay bubusugin. Panginoon, minsan pa bigyan Mo po ako ng pag-ibig na ito!

Ang Lalaking Ikakasal Ay Darating Na

Malapit na malapit nang dumating ang Panginoon! Darating Siya bilang lalaking pakakasalan. Darating Siya para sa Babaing Kanyang pakakasalan. Iiwan Niya ang palasyo upang sunduin ang Babaeng pakakasalan sapagkat ninanasa Niyang matindi ang kanyang kagandahan.

Ang kagandahan ng babaing pakakasalan ni Kristo ay inilarawan sa salmong pangkasal (Awit 45) bilang *"anong ganda"* (t. 13). Ang kaluwalhatian ng ating Panginoon ay binabanggit na maraming ulit sa Kasulatan. Isang salin ng salitang *"kaluwalhatian"* ay kagandahan, ibig sabihin ang kagandahan ng Panginoon. Kaya't sinasamba natin ang Panginoon sa kagandahan ng Kanyang kabanalan (1 Cronica 16:29).

Gayundin ang Kanyang babaeng pakakasalan, na Kanyang pinaroonan mula sa langit upang tanggapin ay inilalarawan sa *prophetic type* at *antitype* bilang nagagayakan sa kagandahan ng kabanalan. Ang kanyang kasuotan ay lantay sa ginto (Awit 45:13). Inilalapit ni Cristo sa Kanyang sarili ang isang babaeng pakakasalan Niya na maluwalhati sa loob at sa labas na anyo. Sa pamamagitan ng kapahayagan, nakikita ni Pablo si Kristong ihinaharap sa Kanyang sarili ang babaeng pakakasalang ito, *"Maluwalhati" (Efeso 5:27).* Nakikita ni Apostol Juan ang babaeng pakakasalan sa langit. Ang binibigyan niya ng pansin ay ang katotohanan na inihanda niya ang kanyang sarili! (Pahayag 19:7).

Ang Ating Responsibilidad ay Maging Handa!

Ang iglesiya ng "ibinilang na panganay" (Hebreo 12:23) ay binabanggit na isang birhen; ibig sabihin ay ang mga tao na inihiwalay mula sa sanlibutan para sa Diyos. Sinulatan ni Pablo ang mga Kristiyano sa ilalim ng kanyang pamumuno, *"Tulad kayo ng malinis na dalagang ipinapakipagtipan ko sa isang lalaki, kay Cristo." (2 Corinto 11:2).*

Maghanda!

Kristiyano, maluwalhati ka ba sa loob mo? Ang mga espiritual na kasuotan mo ba ay walang bahid o gusot? Ayaw na ayaw ng Diyos ng kasuotang nababahiran ng pagiging makalaman. Nais Niya na layuan natin ang mga ito! (Judas t.23).

Darating si Kristo bilang isang lalaking magpapakasal. Darating siya para sa babaeng pakakasalan. Minamahal, ikaw ba ay maganda sa espirituwal kayat gugustuhin ka Niyang balikan upang isama sa Kanyang trono, at sa Kanyang Ama, at sa kanyang mga anghel? *"Makinig kayo! Ako'y darating na gaya ng magnanakaw! Mapalad ang nanatiling gising at hindi naghubad ng kanyang kasuotan; hindi siya lalakad na hubad at di mapapahiya sa madla!" (Pahayag 16:15).*

Ngayon na ang panahon para gumising tayo sa ating pagkakatulog at maging maalab sa paghahanda at pananalangin dahil ang mga tanda ng Kanyang pagdating ay nasa paligid na natin.

Sarah Foulkes Moore

Ang Ating Mga Pamilya At Tahanan Para Sa Diyos...

Nasaan Ang Iyong Kayamanan?

ni Kim Butts

"Huwag kayong mag-impok ng mga kayamanan dito sa lupa; dito'y may naninirang tanga at kalawang, at may nakapapasok na magnanakaw. Sa halip, impukin ninyo ay mga kayamanan sa langit; doo'y walang naninirang tanga at kalawang, at walang nakapapasok na magnanakaw. Sapagkat kung saan naroon ang inyong kayamanan, naroon din naman ang inyong puso." (Mateo 6:19-21).

Kung tatanungin mo ang iyong pamilya kung ano ang pinaka-pinahahalagahan nila, ano ang isasagot nila? Kapag tinanong mo ito, magkakaroon ka ng pagkakataon na silipin ang mga puso ng iyong mga anak at makita kung kinain na sila ng kultura...o ni Kristo. Parang mas gusto ba ng mga anak mo ang mga bagong labas sa pamilihan o ng gamit ng mga kaibigan nila? May malasakit ba sila sa ibang tao, puso para sa intersesyon, at buhay na nakapokus sa paglilingkod sa Panginoon? May sinasabi ba sa inyo ang kanilang sagot tungkol sa kung nasaan ang kanilang kayamanan?

Siguro ay nagsasagawa kayo ng "pagsusulit sa kayamanan" ng inyong pamilya, marahil ay gusto mo ring gawin ito para sa iyong sarili? Maganda ang intensyon mo sa pagiging mabuting halimbawa sa iyong mga anak pero nakapagtayo ka ng isang bagay na naging diyus-diyosan sa iyong buhay. Magiging magandang pagkakataon iyan para magka-usap bilang isang pamilya tungkol sa kahalagahang sundin si Jesus-Kristo sa ating buhay. Ang Diyos ang ating Ama. Hindi Siya ang dakilang "tagapagkait ng mga bata at matatanda." Siya ay mapagbigay at gusto Niyang bigyan tayo ng mabubuting mga bagay, ang mga bagay na pinakamabuti para sa ating kalusugan at pinakamabuti para sa atin, mga bagay na magagamit natin upang bigyan Siya ng kaluwalhatian, at mga bagay na mahahalaga para sa kaharian. Hinahayaan Niya tayong magkaroon ng mga propesyon upang magkaroon tayo ng habag at bahaginan ang mga nangangailangan. Kapag tumitingin na tayo ng higit sa pansarili at kasakiman, makikita natin ang mga layunin sa likod ng mga pinapayagan Niya sa ating buhay. Kapag naganap na ito, maaaring loobin ng Ama na payagan o ibahagi sa atin ang isang aral sa pamamagitan ng pagpayag na dumaan tayo sa kabiguan o kawalan. Mapanganib tayo sa ating sarili kapag palagi na lang nakukuha ang ating gusto o mga iniisip na makamit. Ang kataasan at pagkamakasarili ay gumagapang sa ating mga puso.

Mamuhay nang Simple

Habang tumatanda ay lalo akong naiintriga na mas handa kong pasimplehin ang buhay ko bilang paghahanda para sa isang araw na aalis na ako sa mundong ito na walang dala, dahil iyon ang riyalidad. Habang lumilipas ang mga taon, ang puso ko ay patuloy na nagiging nakatuon sa langit, at unti-unti, tinuturuan ako ng Ama na maging kuntento sa kakaunting kagamitan. Ipinapakita Niya sa akin na dapat maluwag ang paghawak ko sa lahat ng bagay dahil wala kahit ano dito ang magtatagal. May mga bagay na akala ko'y kailangan ko, ngunit makikita katagalan na ang mga bagay na ito ay hindi naman kailangan, at sa totoo lang ay kumakain lang ng panahon ko: paroo't parito, hinahanap ang mahahalagang papel kahalo ng mga bagay na dapat sana ay itinapon ng matagal na, at walang patid na hinahangad na ang lahat ng bagay ay maisaayos. Kung matuturuan mo nang maaga ang iyong mga anak ng kasanayang ayusin ang kanilang mga gamit, malaki ang magagawa nito para sa kanilang kabutihan. Ang buhay nila ay magkakaroon ng higit na kalayaan na magpokus sa mga bagay na pangwalang hanggan sa halip na mga bagay na "masusunog" naman. Ang kanilang kayamanan ay hindi masasalig sa mga bagay na pagmamay-ari nila, kundi sa kaharian ng Diyos.

Kamakailan ay lumipat kami ng aking asawa sa mas maliit na tirahan at ipinamigay ang marami naming ari-arian at mga samut-saring mga gamit. Hindi namin hinahanap-hanap ang mga bagay na wala na sa amin at ang buhay namin ay naging mas simple. Ang panlabas na pagpapasimple ng aming buhay ay nakabuti sa amin; ngunit napag-isip-isip namin nang maaga na ang pagpapasimple ay kinakailangang maging isang panloob na disiplina bago ito maging panlabas. Hayaan ninyong ipaliwanag ko ito. Posibleng magpasimple gaya ng aming ginawa ngunit maaaring walang anumang mabago sa ating puso na siyang may malaking kaugnayan sa kaharian ng Diyos. Mapanganib ang magpasimple dahil mauuwi ito sa pagmamalaki ng sarili at kayabangan kung hindi tayo mag-iingat. Ang kasimplehan ay madaling makita sa panlabas. Mapupuna ng mga tao ang pagbabago sa estilo ng pamumuhay. Mas hindi napupuna ang espirituwal na mga pagbabago sa puso ngunit ito ang dapat nating unahin. Kung ang motibo ko sa pagpapasimple ay para ipakita lang sa mga tao ang pagsisikap ko, ang kayamanan ko ay magiging isang pagyayabang. Ang pagpapasimple ng ating buhay ay hindi ang pangunahing pokus. Maaaring mamuhay ng simple ngunit hindi naman nabago ang pang-espirituwal na buhay. Subalit kung ang ating motibo sa pagpapasimple ng buhay ay bilang pagsunod kay Kristo at pag-una sa Kanya, ang lahat ng pangangailangan natin ay mapupunan. Binigyan tayo ng tagubilin ni Jesus upang mamuhay nang simple, mapayapa at maligaya. Ito ay magandang sauluhing talata ng inyong pamilya: *"Datapuwa't hanapin muna ninyo ang Kanyang kaharian, at ang Kanyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo" (Mateo 6:33) at Mateo 6:19-21.*

Kung hindi natin hinahanap ang kaharian ng Diyos at ginagawa itong pangunahing layunin ng buhay natin, walang punto ang pagpapasimple ng buhay. Ang pag-aalis lamang ng mga pag-aari ay hindi gagawing kumpleto at pinagpala ang ating buhay. Tanging kung magpapasimple tayo ng buhay upang makapag-ukol ng

PAUNAWA

KUNG MAGPAPADALA PO KAYO NG KALOOB UKOL DITO SA GAWAIN NG PANGINOON, MANGYARI PO LAMANG NA ISULAT SA TSEKE O MONEY ORDER SA PANGALAN NG TAGALOG HERALD INT'L

TAGALOG HERALD INT'L
C/O ZENAIDA A. SARMIENTO
46 DAO ST. SAINT ANTHONY SUBV.
TAYTAY, RIZAL 1920
MARAMING SALAMAT PO

lalong panahon para kay Jesus at maituon ang ating atensyon sa kaharian ng Diyos at saka natin mararanasan ang kapayapaan at kaligayahan ng isang balansiyadong buhay. Ang puso natin ay makikita kung nasaan ang ating kayamanan. Ang mga puso ba ng miyembro ng inyong pamilya ay nakapokus sa kayamanan na hindi mananakaw o mabubulok?

Matutong Lumaya

Ang maging malaya ay hindi laging madaling gawin, lalo na para sa mga bata. Subalit malinaw na ipinakita ng Panginoon sa atin sa Kanyang Salita na anumang bagay na mas malapit sa atin kaysa sa Kanya ay isang diyus-diyosan. May mga bagay at pati na mga tao na nangunguna kaysa sa Panginoong Jesus sa ating mga buhay. Kadalasan ay hindi natin ito namamalayan. Alam mo ba ang mga bagay na nakakagambala sa unang pag-ibig mo? Alam mo ba kung ano ang mga ito sa buhay ng iyong mga anak? Marahil ay panahon na para mag-usap kayo kung nasaan ba ang kayamanan ninyo. Kapag alam ninyo ang inyong mga diyus-diyosan, darating na ang pagsisisi. Pagkatapos ay dapat magkaroon ng pagbabago upang lumaya ang buhay ninyo mula sa gapos ng mga bagay na nakalaan para puksain kapalit ang mga bagay na pangwalang-hanggan. Basahin bilang pamilya ang mga talatang ito: *(2 Pedro 3:10-14).* Pag-usapan kung ano ang ibig sabihin at pag-usapan kung ano ang dapat mangyari sa inyong tahanan at puso at sang-ayunan ang mga iyon.

Mga Talatang Dapat Pag-aralan at Isabuhay

Kapag naantig na ang puso ninyo na dapat umayon sa mga kayamanang patungkol sa kaharian ng Diyos at kung determinado kayo na talikdan ang pagkamakasarili at kasakiman na gustong-gusto ng kaaway na ialok sa atin, narito ang ilang mga talata upang palakasin ang inyong desisyon. Basahin at pag-aralang magkakasama bilang pamilya ang mga sumusunod:

- Kung titingnan natin ang karunungan bilang natatagong kayamanan, mauunawaan natin ang pagkatakot sa Panginoon at makakasumpong ng karunungan ng Diyos. (Kawikaan 2:1-5)
- Dapat nating layuan ang mga diyus-diyosan. (1 Juan 5:21)
- Dapat tayong lumayo sa pagsamba sa diyus-diyosan. (1Cor. 10:14)
- Dapat nating pagsisihan ang pagsamba sa diyus-diyosan. (Gawa 17:29-30)
- Hindi tayo maliligtas sa pamamagitan ng ating kayamanan. (Job 20:20)
- Dapat nating ipamahagi ang ating personal na kayamanan para sa gawain ng Diyos. (1 Cronica 29:3).
- Huwag mag-ipon ng mga bagay para sa iyong sarili, kundi magpakayaman tungo sa Diyos. (Lucas 12:21)
- Pinapalagay ni Jesus na ang bayan Niya ay magiging palabigay at ginagawa iyon ng palihim at walang nakaaalam. (Mateo 6:2-4)
- Nagbibigay ang Diyos ng kayamanang mananatili magpakailanman. (Kawikaan 8:18).
- Ang bunga ng Panginoon ay mas mainam kaysa purong ginto. (Kawikaan 8:19).
- Maaari tayong magkamal ng kayamanan ngunit ang lahat ay walang kabuluhan. (Ecclesiastes 2:8-11)
- Ang Panginoon ay matatag na pundasyon para sa ating panahon, mayamang pagkukunan ng kaligtasan, at karunungan at kaalaman; ang pagkatakot sa Panginoon ang susi sa kayamanang ito. (Isaias 33:6).
- Kung gagawa tayo ng mga diyus-diyosan, tayo ay walang saysay at ang mga bagay na pinapahalagahan natin ay walang halaga. (Isaias 44:9)
- Dahil sa kasalanan ng buong bansa ipinamamahagi ng Panginoon ang ating kayamanan sa ating mga kaaway bilang samsam. (Jeremiahs 17:3).
- Sa pamamagitan ng sarili nating karunungan at kaalaman, nagtamo tayo ng kayamanan, ngunit ang ating mga puso ay naging palalo. (Ezekiel 28:4-5).
- Kapag natagpuan natin ang kayamanan sa isang bukid, o makakita ng perlas na lubhang mataas ang halaga, kailangan nating ipagbili ang lahat at bilhin ang mga iyon. (Mateo 13:44-46).
- Dahil tayo ay tinagubilinan tungkol sa kaharian ng kalangitan, dapat tayong maglabas ng mga bago at maging lumang mga kayamanan mula sa ating mga imbakan. (Mateo 13:52).
- Ibinibigay ni Jesus ang susi para sa pagiging ganap: ipagbili ang lahat at ibigay sa mahihirap at tanggapin ang mga kayamanan ng kalangitan...pagkatapos ay sumunod kay Jesus. (Mateo 19:21).
- Mag-ingat, dahil mahirap para sa isang mayaman ang pumasok sa kaharian ng langit. (Mateo 19:23-24).
- Kapag nagbigay tayo sa kabila ng ating pagiging kapos, nakapagbigay tayo ng mas marami kaysa doon sa mga nagbigay mula sa kanilang sobra. (Marcos 13:41-44).
- Dapat tayong maging handa laban sa lahat ng uri ng kasakiman; ang ating mga buhay ay hindi lamang ang kasaganaan ng ating mga tinatangkilik. (Lucas 12:15).
- Lumakas nawa ang kalooban ng mga mananampalataya at bigkisin ng pag-ibig upang magkaroon tayo ng ganap na kayamanan ng pagkaunawa sa misteryo ng Diyos; siya si Cristo. (Colosas 2:2).
- Dapat tayong magpakasagana sa mabubuting gawa at mapagbigay—sa ganitong paraan ay makakatipon tayo ng kayamanan at mapanghahawakan ang tunay na buhay. (1 Timoteo 6:18-19).
- Ang kayamanan ng Ebanghelyo ni Kristo ay sumasaatin bilang mga sisidlang palayok lamang upang maging maliwanag na tanging kapangyarihan lamang ni Kristo at hindi sa ganang atin. (2 Corinto 4:7).
- Lahat ng kayamanan at karunungan ay natatagong lahat kay Kristo. (Colosas 2:3).
- Kapag tayo ay mayaman sa daigdig na ito, hindi tayo dapat maging mayabang o ilagay ang ating pagtitiwala sa salapi na walang katiyakan; sa halip, dapat natin ituon ang ating pag-asa sa Diyos na masaganang nagbibigay sa atin ng lahat ng bagay para sa ating kasiyahan. (1 Timoteo 6:17)

Republic of the Philippines
PHILIPPINE POSTAL CORPORATION
National Capital Region
Lawaang Bonifacio
1000 Manila

Permit No. _____
Date granted : _____

SWORN STATEMENT

The undersigned ZENAIDA A. SARMIENTO, editor/managing / editor/business manager/owner/publisher of PARATANG NG KANYANG PAGDATING / Title of Publication/s
(Frequency of issue) QUARTERLY, (language in which printed) as _____
(Office of Publication) entered on THIRD CLASS (First, Second, and/or Third class) office of entry _____ after having duly sworn to in accordance with law, hereby submits the following statements of ownership, management, circulation, etc. which is required by Act. 2580 as amended by Commonwealth Act. 201.

ADDRESS

Editor ZENAIDA A. SARMIENTO
Manager Editor ZENAIDA A. SARMIENTO
Business Manager ZENAIDA A. SARMIENTO
OWNER TAGALOG HERALD INTERNATIONAL
Publisher TAGALOG HERALD INTERNATIONAL
Printer PROMPRINT
Office of Publication TAGALOG HERALD INTERNATIONAL

If publication is owned by a corporation, stockholders owning one percent or more of the amount of stock

Bond holders, mortgagees or other security holders owning one percent or more of the total amount of security

In case of daily publication, average number of copies printed and circulated of each issue during the preceding month of

1. Sent to paid subscribers
2. Sent to others than paid subscribers
Total

In case of publications other than daily total number of copies printed and circulated at the last issue date

1. Sent to paid subscribers
2. Sent to other than paid subscribers
Total

ZENAIDA A. SARMIENTO
Signature

OFFICE MANAGER
Designation

SUBSCRIBED AND SWORN TO before me this _____ day of _____ 2006 _____ in the City of TAYTAY, RIZAL Philippines. A Case subscribing to the effect Community Certificate No. _____ issued at TAYTAY, RIZAL on 25 JAN 2006.

DOC. NO. 54
PAGE NO. 32
BOOK NO. III
SERIES OF 2006

ISIDRO SANTIAGO C. MARTINEZ
NOTARY PUBLIC
UNTIL DECEMBER 31, 2006
PTR NO. 0453561/1-2-06/RIZAL